3


DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

NATIONAL LEARNING CAMP

# Reading

## Enhancement Camp

## Lesson Plans




Government Property
NOT FOR SALE

# Enhancement Learning Camp

# Lesson Plans

# Reading Grade 3

# Table of Contents

**Day 1: Lesson 1** ........ **1**

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento,usapan, teksto, balita,at tula

**Day 2: Lesson 2** ........ **4**

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento,usapan, teksto, balita,at tula

**Day 3: Lesson 3** ........ **7**

Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)

**Day 4: Lesson 4** ........ **11**

Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)

**Day 5: Lesson 5** ........ **14**

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.

**Day 6: Lesson 6** ........ **19**

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.

**Day 7: Lesson 7** ........ **23**

Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento

**Day 8: Lesson 8** ........ **27**

Nakapagbibigay ng wastong wakas sa binasang kuwento

**Day 9: Lesson 9** ........ **31**

Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan

**Day 10: Lesson 10** ........ **35**

Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan

**Day 11: Lesson 11** ........ **39**

Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay

**Day 12: Lesson 12** ........ **45**

Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay

**Day 13: Lesson 13** ........ **51**

Pagtukoy sa pangunahing diwa ng teksto.

**Day 14: Lesson 14** ........ **55**

Pagtukoy sa pangunahing diwa ng teksto.

**Day 15: Lesson 15** ........ **59**

Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teskto

**Day 16: Lesson 16** ........ **63**

Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teskto

**Day 17: Lesson 17..........................................................................................67**
Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa
**Day 18: Lesson 18..........................................................................................70**
Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa

**Day 1, Lesson Plan 1**

**Key Idea**

- Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento,usapan, teksto, balita, at tula

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Video Clip: Kuwento, Usapan, Teksto, Balita, at Tula
Sabihin: Maligayang pagbabalik sa ating National Learning Camp. Kumusta kayo mga bata? Noong nakaraang taon, natutunan mo ang tungkol sa pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula. Naalala niyo pa ba ito?
Ipanood ang “video clips”

Mga Tanong:
Tanong 1: Ano ang iyong mga pinanood? Magbigay ng isa.
Tanong 2: Naintindihan niyo ba ang ipinahahayag ng mga ito?


Teacher Notes: Ang pagbubukas ng aralin na ito ay idinisenyo upang maisaaktibo ang dating kaalaman at magbibigay sa iyo ng indikasyon ng antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa partikular na pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula. Ang mga video clips na ipinanood ay nagbibigay ng pampasigla para sa pag-alala ng mga mag-aaral sa halip na umasa lamang sa memorya.


**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.


Sa araling ito ay masasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Tanong: Nakapaglaro ka na ba ng 4 PICS 1 WORD? Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
Sabihin: Ngayon, tayo ay maglalaro. Tignan natin kung ano kaya ang mabubuong salita gamit ang mga larawan. Ihanda ang mga larawan. Paunahan makasagot. Group 1 Vs. Group 2







Tanong: Ano ang masasabi ninyo tungkol sa bulate, bukirin, at tandang? Ilarawan mo ito.

Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang nasa larawan.
Basahin ang mga salita ng sabay-sabay.
Gamitin sa pangungusap ang mga salitang nabuo sa laro.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng Kuwento**
Basahin nang malakas ang kuwento sa klase.

**Ang Matalinong Bulate**

Umaga na sa bukirin. Maagang lumabas si Bulate. Nais niyang masikatan ng araw. Sa di kalayuan, nakita siya ni Tandang. Lumapit si Tandang upang kainin si Bulate.


Nagulat si Bulate at nag-isip nang mabilis. Biglang nagsalita si Bulate

"Kaibigan," simula ni Bulate, "Bago mo ako kainin, mayroon sana akong hiling. Nais ko munang marinig ang maganda mong boses."

Natuwa si Tandang sa sinabi ni Bulate. Alam ni Tandang na maganda ang boses niya. Tumilaok siya nang mahaba. Ang hindi niya alam, nagtago na si Bulate sa ilalim ng lupa.

**4B. Questions**
Mga Tanong:
Tanong 1. Sino ang gustong masikatan ng araw?
Tanong 2. Saan nangyari ang kuwento?
Tanong 3. Ano ang gustong gawin ni Tandang kay Bulate?
Tanong 4. Paano umawit si Tandang?

Sagutin ang mga tanong at ilagay ang tamang sagot sa bawat petal.




**4C. Iguhit Mo, Nararamdaman Mo**
Sabihin: Upang lalo natin maintindihan ang ating binasang kuwento, sasagutin ninyo ang mga tanong sa pamamagitan ng pagguhit sa kahon.

Mga Tanong:
Tanong 1. Kung ikaw si Bulate, Ano ang naramdaman mo nang makitang papalapit si Tandang?
Tanong 2. Anong katangian ang ipinakita ni Tandang? Siya ba ay mayabang, matalino o mabait?
Tanong 3. Masaya o Malungkot ka ba sa naging katapusan ng kuwento?

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Laro: Game Ka Na Ba?
Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin tayo ay maglalaro.
Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
Ibigay ang panuto sa paglalaro.
Sabihin: Magtatanong ang guro at sasabihin ang mga pagpipilian, sa pagbilang ko ng tatlo, kayo ay pipila kung saang linya ang iyong sagot.

Tanong 1. Ang tanong na Ito ay sumasagot tungkol sa bagay, hayop, pangyayari.
A. Ano B. Paano. C. Bakit

Tanong 2. Ang tanong na ito ay sumasagot sa katanungan tungkol sa lugar.
A. Saan B. Kailan C. Paano

Tanong 3. Ang tanong na ito ay sumasagot sa katanungan tungkol sa oras o panahon.
A. Sino B. Bakit C. Kailan

Tanong 4. Ang tanong na ito ay sumasagot sa tanong na nagbibigay ng dahilan.
A. Paano B. Ano C. Bakit

Karagdagang Tanong:
Tanong 1: Kayo ba ay nagalak sa pagbabasa?
Tanong 2: Paano ko malalaman kung naunawaan ang inyong binasa?

Sabihin: Sa pagsagot sa mga tanong sa mga kuwento, usapan, balita, at tula mahalagang maunawaan mo ang bawat pangyayari na naganap dito. Mahalagang malaman mo kung ano ang tinutukoy ng bawat salitang pananong. Ibig sabihin, ang mga sagot sa depende sa mga tanong na nakalaan dito. (Sino, Saaan, Kailan, Paano, Ano, at Bakit)

Pagtatapos ng Aralin:
Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maintindihan niyo pa ang ating aralin

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang pang mga kuwento, usapan, teksto, balita, o tula sa mga gawain sa aralin.

**Day 1, Lesson Plan 2**

**Key Idea**

- Pagsagot sa tanong Tungkol sa Kuwento, Usapan, Teksto, Balita, at Tula

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Teksto, Balita, at Tula

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Mini Library: Story Book, Magasin, Dyaryo
Sabihin: Maligayang Pagbabalik sa ating National Learning Camp. Kumusta kayo mga bata? Kukuha ang mga bata ng kung ano ang kanilang mapili sa mini library at ipakikita sa harap ng klase.

Mga Tanong:
Tanong 1. Ano ang nakuha mo sa ating mini library?
Tanong 2. Ano-ano ang nilalaman ng mga ito?
Tanong 3. Marami pang babasahin ang maari mong basahin upang malinang ang iyong pagsagot sa mga tanong. May naiisip ka pa ba? Magbigay ng dalawa.

Teacher Notes: Ang pagbubukas ng aralin na ito ay idinisenyo upang maisaaktibo ang dating kaalaman at magbibigay sa iyo ng indikasyon ng antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa partikular na pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula.
Ang mga real o tangible objects tulad ng dyaryo, magasin at storybook ay nagbibigay ng pampasigla para sa pag-alala ng mga mag-aaral sa halip na umasa lamang sa memorya.


**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sa araling ito ay masasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento,usapan, teksto, balita at tula.


**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Ang tulang ito ay pinamagatang “Tagubilin”
Sabihin: Maaaring may makilala tayong mga salita na mahalaga sa tula at hindi mo pa nakikita o hindi mo naaalala kaya ililista ko ang mga salita at ibibigay ko sa iyo ang mga kahulugan nito upang maunawaan mo ang tula kapag binasa ko ito.


Sabihin: Ang mga salita ay paraiso, troso , irog, dayuhan
Tukuyin ang kahulugan ng mga di-pamilyar na salita batay sa ipinakitang larawan.




Troso - kahoy, table



Paraiso- isang lugar na napakaganda, kasiya-siya, at kaaya-aya.



Irog - ay isang salita o katawagang pantao na nagpapakita ng pagkakalapit ng kalooban o ng damdamin, at may haplos ng pagmamahal.



Dayuhan - ay isang tao na hindi katutubo o likas sa isang pook.

Sabihin: Sanayin natin ang mga salitang ito.
Basahin ang mga ito at ang kanilang mga kahulugan. pagkatapos ko.
Tingnan ang kanilang pagbabaybay.
Gamitin natin ang mga ito sa isang pangungusap..

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Tula**
Basahin nang malakas ang tula sa klase.

**Tagubilin**
ni Jaycel D. Suga

Ang kagandahan ko ay tila paraiso,
Ngunit bata at matanda ay inaabuso ako,
Punongkahoy pananggalang sa malakas na bagyo, Pinutol at ginawang troso.

Ang aking hiling huwag akong abusuhin.
Kapaligiran ko sana ay laging linisin,
Mga basurang nagkalat dapat ating pulutin, At huwag itapon sa dagat na irog natin.

Pangangalaga sa kapaligiran ay laging tandaan,
Panatilihin ninyo
ang taglay kong kagandahan,

Dahil ito ay nagsisilbing likas na kayamanan.
Na maipagmamalaki
sa mga dayuhan at kaninuman.

**4B. Mga Tanong**
Mga Tanong:
Tanong 1. Ano ang pamagat ng tula iyong napakinggan?
Tanong 2: Sino-sino ang umaabuso sa kapaligiran?
Tanong 3: Saan nagkalat ang mga basura?

Sagutin ang mga tanong.

**4C. I-arte mo! (Role Playing)**
Sabihin: Upang lalo natin maintindihan ang ating binasang tula, i-arte mo ang iyong sagot sa mga sumusunod na tanong.

Mga Tanong:
Tanong 1. Ano ang maaring mangyari kung ang ating kapaligiran ay hindi napangalagaan?
Tanong 2. Halimbawa ikaw ay isang dagat, paano mo maipapakita ang pagkadismaya sa mga taong nagtatapon ng basura sa dagat?

---

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin tayo ay magsasagot sa inyong whiteboard marker.
Ihanda ang mga kagamitan at ibigay ang panuto sa gawain
Sabihin: Magtatanong ang guro at iguguhit kung Thumbs Up o Thumbs Down sa pagbilang ko ng tatlo isusulat ang sagot sa inyong white board sa loob ng limang segundo, lahat ng marker ay nakataas na.

Mga Tanong:
Tanong 1: Natutunan mong masagot ang mga tanong sa binasang kuwento, usapan, teksto, balita at tula.
Tanong 2. Natutunan mong magamit ang iyong kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang kuwento at tula.
Tanong 3. Naunawaan mo ang bawat pangyayari na naganap sa kuwento.
Tanong 4. Natutunan mo kung ano ang tinutukoy ng bawat salitang pananong.

Pagtatapos ng Aralin:
Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pag-aaralan naman natin ang mga elemento ng kuwento.

---

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumawa ng iba pang gawain gamit ang mga usapan, teksto, o balita sa mga gawain sa aralin.


## Day 2, Lesson 3

### Key Idea


- **Elemento ng Kuwento**

### Most Essential Learning Competencies

- Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)

| |
|---|
| **Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***<br>Time: 7 mins.<br>Sabihin: Maraming kuwento ang maaari nating basahin.Sino sa inyo ang mahilig magbasa ng kuwento?<br>■ Ano-anong kuwento ang iyong nabasa?<br>■ Anong kuwento ang pinakagusto mo?<br>■ Bakit ito ang nagustuhan mong kuwento? |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br>Time: 3 mins.<br>■ Pagpapakita ng guro ng isang aklat/larawan ng mga kuwento.<br>■ Idikit ang masayang mukha sa kuwentong natapos mo nang basahin.<br>■ Sabihin: Sa ating aralin ngayong araw, ating pag-aaralan ang mga elemento ng isang kuwento. |
| **Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***<br>Time: 5 mins.<br>■ Pagpapakita ng larawan ng isang lamok.<br><br>■ Sino na ang nakakita ng lamok? Ano ang ginagawa ng isang lamok?<br>■ Subukan nga natin gayahin ang galaw, tunog ng isang lamok sa pamamagitan ng palakpak.<br>● 1,2,3 lipad, lipad, lipad<br>● 1,2,3 bssssh ., bsssh…bsssssh<br>● 1,2,3 ikot, ikot, ikot<br>● 1,2,3, lipad, bssssh, ikot<br>● 1,2,3 pak, pak, pak<br>■ Paano mo ilalarawan ang isang lamok? |

**Bahagi 4**: **Lesson Activity**
Time: 25 mins.
**4A. Pagkukuwento**




**WANTED MOK: ANG MAPAMINSALANG LAMOK**

"MADILIM! MABAHO! Pakalat–kalat ang mga batang may sariwang dugo! Panahon na naman upang maghasik ng lagim. Mabubusog na naman ako nito. HeHeHe," tuwang-tuwang sabi ni Mok.

Sa isang lugar sa Lungsod ng Quezon, may isang pamayanan kung saan kapag sumasapit ang tag-ulan, madalas na madilim ang paligid, mabaho ang mga kanal at maraming tubig kung saan –saan.

"Kailangan makapaglaganap tayo ng sakit...Kailangan marami ang makagat natin.Hindi marunong maglinis ang mga tao...makalat sa paligid ang mga tao... kaya samantalahin natin ito", ito ang sigaw ng pinuno ng mga lamok.

"Ako ang dapat manguna sa pagpapalaganap ng sakit. Taglay ko ang nakakatakot na ...DENGUE. Wala pang gamot sa virus na dala ko. Gusto kong maging sikat, at magiging kilala ako ng lahat. HaHaHa" ang mayabang na wika ni Mok.

Si Mok ay isang nakakatakot na lamok. Ang itsura niya ay kakaiba sa ibang lamok. May batik batik, guhit - guhit na paalon- alon sa katawan at paa. Mababang lumipad at matulis ang tusok. Ang lamok na ito ang nagdadala ng pinakamabagsik at nakamamatay na virus. Lubhang nakakatakot si Mok....

Nagsimulang lumipad si Mok. Lipad... Lipad...Lipad kung saan-saan...

"Aha! May mga maruruming kanal…..makakapangitlog ako….dadami ang lahi ko...HiHiHi!" masayang turan ni Mok.

"Oooops! Ang daming masukal na puno at halaman….makakapagtago kami dito ng mga kaibigan kong lamok,"ang natutuwang wika ni Mok.

"Wow! May mga gulong, bote at basura. Nakatiwangwang din ang mga drum na maaaari kong tirahan kapag napagod na ako,"sabi ni Mok

"Gutom na ako....Haaaaaa! Dugo! Dugo! Kailangan ko ng dugo.

Bata, bata nasaan ka? Masarap ang sariwang dugo ng bata," sambit ni Mok

Naghanap ng makakagat na balat si Mok.

"Aha! Humanda ka batang makulit.

Tsuk! kagat ni Mok sa isang bata...

"HiHiHi..Magkakagulo sila ngayon pagkatapos ng ginawa ko sa batang ito. Katatakutan ako ng mga tao."ang mayabang na wika ni Mok.

"Iba ka talaga Mok. Masyado kang magaling. Ikaw ang pinakmagaling sa aming lahat," ang naiinggit na wika ng mga kasama ni Mok. Pagkalipas ng tatlong araw ,pagkatapos makagat ni Mok ang bata, nakaranas ito ng pamumutla, pananakit ng ulo, pagsusuka, pananakit ng tiyan, pabalik-balik na lagnat ,may mapupulang pantal sa balat at pagdurugo ng ilong at gilagid.

Nagpanik, natakot at nabahala ang mga tao.

“Dengue!Dengue! May Dengue sa Lungsod ng Quezon.” Ang takot na wika ng mga tao.

Mabilis ang pagtaas ng bilang ng mga taong may dengue lalo na sa mga bata. Naalarma ang Meyor ng Lungsod. Pinapahanap ang mga salarin....Wanted Mok:Puksain, Patayin ,Lipunin...

Nalaman ni Mok ang balita at ipinagwalang bahala niya ito.

“Hindi ako natatakot! Hindi ninyo ako mahuhuli. Magaling akong magtago. Magkakalat muli ako ng lagim. Humanda kayo sa akin!”ang pagmamalaking sabi ni Mok.

Nagsimulang magplano ang Lungsod. Pinulong ang mga pinuno ng pamayanan. Maging ang mga guro, magulang at mag-aaral ay binigyang kaalaman tungkol sa mapaminsalang sakit na dengue.

“Wala pang gamot sa dengue, pero maaari nating puksain si Mok. May paraan tayong magagawa,” wika ng Meyor.

Lahat ng mga tao sa pamayanan ay nagtulong-tulong upang patayin si Mok.

Nagwalis ng mga kalat ang mga nanay. Naglinis naman ng kanal ang mga tatay. Nagbigay ng dagdag-kaalaman ang mga guro.

Ang mga walang lamang bote at gulong ng sasakyan ay niresiklo ng mga kabataan. Nagpausok sa paligid ang barangay. Kay gandang pagmasdan na ang lahat ay nagtutulong-tulong at sama-sama upang hanapin at puksain si Mok, ang mapaminsalang lamok.

“Mok, mok, nasaan ka na? Ano ang gagawin namin? Marami na tayong kasamahang namatay. Kumilos na ang mga tao, patay na si pinuno,” takot na wika ng kaibigan ni Mok.

“Wala akong pakialam sa inyo, magaling ako at takot sa akin ang mga tao. Dala ko ang Dengue! Dala ko ang nakakatakot na sakit,” ang mayabang na wika ni Mok.

Lipad... Lipad...Lipad...Naghahanap na naman ng mabibiktima ang nakakatakot na si Mok. Hanap dito, hanap doon...Tingin sa kanan, tingin sa kaliwa ang kanyang ginawa.

Isang batang nasa sulok at walang katinag-tinag ang kanyang nakita.

“Aha! Hayun ang bata, Hihihi, sariwang-sariwa ang dugo.”dahan-dahang nilapitan ni Mok ang malusog na bata

“Hahaha! Akin ka ngayon!” tuwang-tuwang wika ni Mok.

Iniamba ni Mok ang tusok ng kanyang nguso upang sipsipin na sana ang dugo sa binti ng bata nang biglang...

”Pak! Huli kang lamok. Akala mo ha!” gigil na wika ng bata.

Ngunit... Nakaiwas si Mok sa hampas ng bata.

“Naku, muntik na ako doon ha,” ang takot na wika ni Mok.

Lumipat at lumipad si Mok papalayo sa bata.

At habang naghahanap ng panibagong mabibiktima si Mok bigla niyang narinig ang isang malakas na... PAK! Kitang-kita ni Mok ang pagkamatay ng kanyang kaibigan sa kamay ng isang binata.

Labis na natakot si Mok sa kanyang nasaksihan. Bigla niyang naalala ang sinabi ng kanyang mga kasama na seryoso ang mga tao sa pagpuksa sa mga lamok.

Habang lumilipad si Mok ay nakita niya ang mga tao na abala sa paglilinis at pagpuksa sa kanilang lahi. Naririnig niya ang sigaw ng mga tao.

“Hanapin! Puksain! Patayin! ang mga salot na lamok,” ang galit na sigaw ng mga tao sa pamayanan.

Takot na takot na naghanap ng mapagtataguan si Mok ngunit wala na siyang makita dahil malinis na ang buong paligid.

Pagod na pagod ....Gutom na gutom at nanghihina na si Mok.

“ Ano ang aking gagawin? Kailangan ko na ng dugo....Dugo, dugo saan kita makikita,”sambit ni Mok.

Habang desperadong naghahanap ng mabibiktima si Mok, bigla siyang nakaramdam ng pagkahilo at unti- unti na siyang bumagsak sa lupa.

“ Arrrrkkkk, anong nangyayari? Hindi ako makahinga!” ang nanghihinang wika ni Mok.

Habang unti-unting nawawalan nang malay si Mok, nakita niya ang mga taong nagpapausok sa paligid na dahilan pala kung bakit hindi siya makahinga. Hindi na nakayanan ng mayabang na lamok ang kemikal na kaniyang nalanghap. Namatay si Mok sa kamay ng mga taong nagtulong- tulong upang puksain ang lahi ng mga lamok na nagdadala ng Dengue.

Patuloy na naglinis ang mga tao sa pamayanan. Bumaba ang bilang ng mga taong nagkaroon ng Dengue. Natuto na ang mga tao na panatilihing malinis ang kapaligiran. Masaya na muli ang pamayanan sa Lungsod ng Quezon.

Tanong:

1. Ano ang pamagat ng kuwentong ating binasa?
2. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Ano-ano ang mga pangyayari sa kuwento?
4. Sa palagay mo, ano kaya ang mangyayari kapag hindi nila nasugpo si Mok lamok?
5. Bilang isang bata, anong aral ang natutunan mo sa kuwento?

**4B. Laro:ABC**

- Sabihin: Ang bawat kuwento ay may mga elemento. Ngayon, ating ilalarawan ang elemento ng kuwento sa pamamagitan ng isang laro.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Sa isang kahon ay may mga pangungusap na naglalarawan sa elemento ng kuwento. Bubunot ang guro ng isang salita at kapag narinig ninyo ito, pipili kayo saan kayo tatakbo. Maari kayong pumuwesto sa A.TAUHAN, B.TAGPUAN, C.BANGHAY.

1. Si Mok lamok ang pangunahing gumanap sa kuwento.
2. Sa Lungsod Quezon ay may lugar na tinitirhan ng lamok.
3. May isang pangyayari kung saan sila ay naglinis sa kanilang paligid.
4. Ang mga bata at tao ang bida sa kuwento dahil pinuksa nila si Mok.
5. Ang pamayanan ay isang lugar na dapat malinis at walang Dengue.
6. Masaya ang lahat sa kanilang ginawang pagtutulungan

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, upang malaman natin kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang pagsasanay na ito.
- Gumuhit ng isang larawan sa bawat elemento ng kuwento.

Kulayan ng pula ang Tauhan, bughaw ang Tagpuan at dilaw ang Banghay.

- Pagtatapos ng aralin:
- Sabihin: Sa susunod na aralin, atin pang palalawakin ang ating kaalaman sa paglalarawan ng elemento ng kuwento.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

## Day 2, Lesson 4

### Key Idea

- Elemento ng Kuwento

### Most Essential Learning Competencies

- Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)

| |
|---|
| **Bahagi 1: Lesson Short Review**<br>Time: 7 mins.<br>**Sabihin:** Kahapon napakinggan natin ang kuwento ni Mok, ang mapaminsalang lamok. Ating alamin ngayon kung naaalala ninyo ang nilalaman ng kuwento?<br>▪ Sa bawat talulot ng buklaklak na ibibigay sa inyo, isusulat ninyo ang mga salita na tumutukoy sa tauhan, tagpuan o banghay. Pagkatapos, ididikit ninyo ito upang makabuo ng isang hugis bulaklak.<br>▪ Halimbawa : Bata-Tauhan |
| **Component 2**: **Lesson Purpose/Intention**<br>Time: 3 mins.<br>Sabihin: Sa araw na ito, ating ilalarawan ang 3 elemento ng kuwento. Upang mapalawak ang inyong kaalaman makinig at unawain ang mga gawain natin ngayong araw.<br>▪ Ano nga muli ang tatlong elemento ng kuwento? |
| **Component 3: Lesson Language Practice**<br>Time: 5 mins.<br>**Laro: Mahiwagang Kahon**<br>▪ Sabihin: Tayo ay maglalaro, meron ditong isang kahon na naglalaman ng mga pangungusap.Kapag nagpatugtog ang guro ay ipapasa ninyo ang kahon sa inyong katabi at kapag ang tugtog ay huminto, bubunot kayo sa kahon ng papel at babasahin, pagkatapos tutukuyin kung ang inilalarawan ay: Tauhan, Tagpuan o Banghay. (Halimbawa: Lamok-Tauhan)<br><br>Salitang nasa kahon:<br>1. Mga bida sa kuwento.<br>2. Lugar kung saan nangyari ang kuwento.<br>3. Gumaganap sa bawat kuwento.<br>4. Sunod-sunod na pangyayari sa kuwento.<br>- 5. Mga kaaway ng bida sa kuwento |

**Bahagi 4**: **Lesson Activity**
Time: 25 mins.

**4A. Pagkukuwento**

- Sabihin: Babasahin muli ng guro ang buod ng kuwento ng: Wanted Mok: Ang Mapaminsalang Lamok
- Kayo ay hahatiin sa tatlong pangkat
- Bawat pangkat ay tutukuyin ang mga pangungusap sa kuwento kung ito ba ay tauhan, tagpuan o banghay.
- Kapag narinig sa kuwento na ang pangungusap ay naglalarawan sa tauhan, tatayo ang pangkat at isisigaw ang Tauhan- Hooray
- Halimbawa:
    - Si Mok ay isang lamok na may batik-batik na kulay.

  Tatayo ang unang pangkat at isisigaw ang:Tauhan/Hooray
    - Ang Lungsod Quezon ay nagsagawa ng paglilinis-

  Tatayo ang pangalawang pangkat at isisigaw ang :Tagpuan/Heepheep
    - Nagkasakit at nagkagulo ang marami dahil sa paglaganap ng Dengue-

  Tatayo ang ikatlong pangkat at isisigaw ang : Banghay/Oh My!

**4B. Paglalarawan**

- Sabihin: Ngayon, nakilala na ninyo ang tatlong elemento ng kuwento. Palawakin natin ang inyong kaalaman sa pamamagitan ng paglalarawan sa bawat elemento nito.
- Panuto: Piliin ang angkop na elemento kung ano ang inilalarawan ng pangungusap.Kulayan ang kahon ng pula kung ito ay Tauhan, bughaw kung Tagpuan at dilaw kung ito ay Banghay.

1. Ito ang gumaganap o kumikilos sa kuwento

   | Tauhan | Tagpuan | Banghay |
   |---|---|---|

2. Nagsasaad kung saan at kailian nangyari ang isang kuwento.

   | Tauhan | Tagpuan | Banghay |
   |---|---|---|

3. Nagsasaad ng mga pangyayari sa mga naganap sa kuwento.

   | Tauhan | Tagpuan | Banghay |
   |---|---|---|

4. Ito ay maaaring bida, kontrabida o sumusuportang karakter ng kuwento.

   | Tauhan | Tagpuan | Banghay |
   |---|---|---|

5.Ito ang mga kaganapan o kasukdulan ng mga pangyayari sa kuwento

| Tauhan | Tagpuan | Banghay |
|---|---|---|

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Panuto: Isulat ang hinihinging detalye mula sa napakinggang kuwento, "Wanted Mok: Ang Mapaminsalang Lamok".

1. **Pamagat ng Kuwento** __________________________________________

2. **Tauhan**
   a.Bida____________________
   b.Kontrabida_________________
   c. Sumusuportang Tauhan_________________

3. **Tagpuan**
   a.Unang lugar_____________________________
   b.Ikalawang lugar_________________________

4.**Banghay**
   a.Unang pangyayari______________________
   b. Pangalawang pangyayari___________________
   c. Ikatlong pangyayari__________________________

- Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod ay magkakaroon naman tayo ng masasayang gawain upang malinang ang inyong kaalaman.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**Day 3, Lesson Plan 5**

Pagsasalaysay ng Teksto

**Key Idea**

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.(F3PN-Ig-6.1, F3PN-IIf6.4, F3PB-IIg-12.2, F3PB-IIIg-

**Most Essential Learning Competencies**

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.

**Component 1: *Lesson Short Review***

Pagbasa ng kuwento

Time: 7 mins.

Kuwento: Ang Sinigang ng Nanay



Ang Sinigang Ng Nanay

Nagluto ng sinigang si Nanay.

Bangus ang kanyang isinigang.

Kamyas at kamatis ang ginamit niyang pang-asim.

Kangkong, talong at sitaw ang inilahok niyang gulay.

- Sabihin: Basahin natin ang Kuwento

Tanong:

Sagutin ang sumusunod na tanong mula sa kuwentong napakinggan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

_______________________________________________

2. Sino ang nagluto sa kuwento?

_______________________________________________

3. Saan nangyari ang kuwento?

______________________________________________

4. Ano ang niluto ni Nanay?

______________________________________________

5. Ano-ano ang mga inilahok nya sa kanyang niluto?

______________________________________________

**Component 2: *Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matututunan ninyo ang Pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong.

**Component 3: *Lesson Language Practice***

Basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod na tanong.



Si Janica at Si Janine
ni: Maricel M. Lumaban

Sina Janica at si Janine ay magkapatid. Si Janine ay nasa ikatlong baitang na samantalang si Janica ay nasa ikaapat na baitang pa lang. Tuwing umaga ay sumasabay si Janica kay Janine sa kanilang pagpasok sa paaralan sapagkat malayo ang kanilang bahay. Mabait na ate si Janica. Palagi niyang binibigyan ng baon si Janine at tinutulungan ito sa kaniyang mga takdang-aralin. Magkasundung-magkasundo ang magkapatid.Araw-araw silang nagkukwentuhan kung anu ang nagaganap sa kanila sa buong araw nila sa paaralan.Masayang masaya at nagtatawanan din sila habang sakay sila sa dyip ng tatay nila habang sila pauwi na sa kanilang bahay.

Isalaysalay muli ang buong kuwentong nabasa sa tulong ng mga balangkas ng story strips. Lagyan ng bilang 1 hanggang 5 ang kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| ☐ | Mabait na ate si Janica. Palagi niyang binibigyan ng baon si Janine at tinutulungan ito sa kaniyang mga takdang-aralin. |
| ☐ | Sina Janica at si Janine ay magkapatid. Si Janine ay nasa ikatlong baitang na samantalang si Janica ay nasa ikaapat na baitang pa lang. |
| ☐ | Magkasundung-magkasundo ang magkapatid.Araw-araw silang nagkukwentuhan kung ano ang nagaganap sa kanila sa buong araw nila sa paaralan. |
| ☐ | Tuwing umaga ay sumasabay si Janica kay Janine sa kanilang pagpasok sa paaralan sapagkat malayo ang kanilang bahay. |
| ☐ | Masayang-masaya at nagtatawanan din sila habang nakasakay sila sa dyip ng kanilang tatay pauwi sa kanilang bahay. |

**Component 4: *Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Read Aloud**

- Sabihin: Ngayon ay babasahin natin ang Kuwento.

Tanong:
1. Sino ang nakapagbakasyon na sa probinsya?
2. Ano ang inyong sinasakyan kapag nagbabaksyon kayo?
3. Sino ang dinadalaw ninyo sa probinsya?
4. Sino-sino ang mga kasama ninyo sa pagbabakasyon ninyo sa probinsya?
5. Masaya ka ba na kasama mo sila?

KUWENTO: Ang Bakasyon
ISINULAT NI:Gng. Maricel M. Lumaban

Isang araw naisipan ng mag-asawang Jonathan at Maricel na dumalaw sa kanilang probinsya.Tuwang tuwa ang kanilang mga anak na sina Jhoehannah, Janica Mari at Janine nung nalaman nila ang magandang balita. Inihanda nila ang kanilang mga gamit para sa kanilang bakasyon.

Sumakay sila sa eroplano para mapabilis ang kanilang byahe.Oras na ng tanghalian ng nakarating sila sa kubo ni Lolo Efren.

Mabilis na bumaba ang magkakapatid at nagmano sa kanilang Lolo Efren.Manghang mangha sila sa ganda ng palibot ng bahay kubo ni Lolo Efren. Naisipan ng magkakapatid na pumunta sa likuran ng bahay kubo upang maglaro ng habulan at taguan. Namangha ang mga bata. Maraming mga tanim na puno at mga prutas tulad papaya, saging, at bayabas.

Maya maya ay tinawag na sila ng kanilang nanay para kumain.Mga sariwang prutas at gulay ang hinain ng kanilang Lolo sa kanila. Masarap kumain at matulog sa bahay kubo sapagkat presko ang hangin. Masayang-masaya ang mga bata sa panibagong karanasan nila sa probinsya ng kanilang Lolo Efren.

**WAKAS**

.

**4B. Mga Tanong**

- Ano ang pamagat ng kwento?
- Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
- Saan naganap ang kuwento?
- Ano-ano ang mga nakita ng magkakapatid sa kubo ng kanilang Lolo?
- Masaya ba sila na nagbakasyon?

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay na tanong at balangkas. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
Ang pamagat ng kuwento ay ______________________________.

2. Saan naganap ang kuwento?
Ang kuwento ay nangyari sa ______________________________.

3. Sino ang tauhan sa kuwento?
Ang tauhan sa kuwento ay si ______________________________.

4. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento? Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari.

________________________________________.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day 3, Lesson 6

Pagsasalaysay ng Teksto

**Key Idea**

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas (F3PN-Ig-6.1, F3PN-IIf6.4, F3PB-IIg-12.2, F3PB-IIIg-

Most Essential Learning Competencies

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.

**Component 1: *Lesson Short Review***

*Mga bahagi ng kuwento*

Time: 7 mins.

Buoin mo ang pangungusap at piliin ang angkop na salita na nasa panaklong.

Isulat ang sagot sa sagutang papel. (pamagat, tauhan, tagpuan at banghay)

1. Ang _______________ang paksa ng kuwento.
2. Ang _______________ay ang lugar kung saan nangyayari ang kuwento.
3. Ang __________________ang pangyayari o buod ng kuwento.
4. Ang_________________ang gumaganap sa mga kuwento.
5. "Ang Matalik Kong Kaibigan" ay halimbawa ng ____________.

**Component 2: *Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matututunan ninyo ang pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na balangkas.

**Component 3: *Lesson Language Practice***

Basahin ang kuwento at sagutin ang kasunod na tanong.




Ang Lapis ni Bunso
ni: Maricel M. Lumaban

Araw ng Sabado habang abala ang mag-anak na Lumaban sa paglilinis ng kanilang bahay ay naisipan ni bunso na maghugit na lamang para hindi sya makasagabal sa paglilinis.
Binuksan niya ang cabinet na lagayan ng kanilang gamit.Namangha siya sa dami ng lapis at maayos itong nakasalansan sa cabinet.Tuwang tuwa siyang namili kung alin ang gusto nyang gamitin, may matulis, may malaki at may ibat iba din ang kulay.
Kinuha nya ang pinakamatulis at umupo na siya sa mesa na kung saan masaya siyang gumawa ng sulat para sa kanyang Nanay, Tatay at mga ate.
Tuwang-tuwa naman ang kanyang Nanay, Tatay at mga ate nang mabasa nila ang sulat.Tunay ngang nagpapasaya ka sa pamilya bunso wika ng kanyang Nanay.

I. Mula sa nabasang kuwento, punan ang graphic organizer. Piliin ang tamang sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Nanay, Tatay, Ate, | Bahay |
| Ang Lapis ni Bunso | |




Component 4: *Lesson Activity*

Time: 25 mins.

4A. Read Aloud

- Sabihin: Ngayon ay babasahin natin ang Kuwento.
  KUWENTO: Ang Batang Matulungin
  ISINULAT NI:Gng. Maricel M. Lumaban


  Si Johana ay isang bibong bata. Mahilig siyang sumayaw, kumanta at makipaglaro sa kanyang mga kaklase. Palagi rin siyang sumasali sa paligsahan sa kanilang paaralan . Pangarap ni Johana na maging isang doktor para makatulong sa maysakit. Likas sa kanyang puso ang pagiging lingkod bayan. Masaya siya na nakakatulong siya sa kanyang kapwa. Habang naglalaro, nakarinig siya ng batang sumisigaw ng saklolo sa may palaruan. Nakita niya ang isang batang nakadapa.Dali-dali niya itong tinulungan at ginamot ang sugat ng bata.Pagkatapos ay hinatid niya ito sa kanilang tahanan. Tunay ngang magiging magaling na doktor si Johana pagdating ng panahon.

**WAKAS**

.

4B. Punan ang graphic organizer ng letra ng tamang sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Pangarap ni Johana na maging isang doktor para makatulong sa maysakit.<br>Nakarinig siya ng batang humihingi ng saklolo.<br>Tinulungan at ginamot ni Johana ang sugat ng batang nadapa.<br>Hinatid niya ang batang nadapa sa |




**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Isalaysay ang nabasang kuwento sa tulong ng mga gabay na balangkas. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

4. Ano ang pamagat ng kuwento?
Ang pamagat ng kuwento ay ___________________________________.

2. Saan naganap ang kuwento? Ang kuwento ay nangyari sa __________.

3. Sino ang tauhan sa kuwento? Ang tauhan sa kuwento ay si ______________.

4. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento? Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari.
_______________________________________________

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day 4, Lesson Plan 7

## Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento

### Key Idea

- Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakabubuo ng wakas para sa binasang kuwento
  (F3PB-Ih-14) (F3PB-IIi-14) (F3PB-IIIi-14) (F3PB-IVf-14)

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
Pag-o-organisa ng mga pangyayari upang makabuo ng teksto/ kuwento

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito? Kumain na ba kayo?
  Isa sa mga pagkaing hindi nawawala sa mesa ng isang pamilyang Pilipino ang kanin. Kaya naman, si Bebang ay ipinagluto ng kaniyang ina ng kanin para sa kanilang almusal.
- Pagsunud-sunurin ang ang sumusunod na pangyayari sa pagluluto ni Bebang ng kanin.
  *Maaaring i-print ito ng guro nang malaki para ma-idikit sa pisara.*

  Pamagat: **Ang Sinaing ni Bebang** (*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes)*



| |
|---|
| Isinalang na ni Bebang ang bigas sa kalan at binantayan ito habang naluluto. |
| Kinuha ni Bebang ang kaldero at nilagyan ito ng dalawang takal ng bigas. |
| Si Bebang ay sinabihan ng kanyang ina na magsaing na lamang kaysa tumulong sa paglalaba sapagkat malapit na rin naman siyang matapos. |
| Pagkagising ni Bebang ay nadatnan niyang naglalaba ang kanyang ina kaya nagpaalam ito sa kanyang ina kung maaari siyang tumulong. |
| Hinugasan ni Bebang ang bigas nang dalawang beses. |

- Tanong:
  T1. Naging madali ba na pagsunod–sunorin ang mga pangyayari upang makabuo ng kwento?
  T2. Ano ang mga hakbang na iyong ginawa upang agad na mabuo ang kuwento?
  T3. Kuntento na ba kayo sa wakas ng kuwento? Bakit oo? Bakit hindi?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makabubuo ng wakas sa kuwentong binasa ang mga mag-aaral.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Basahing muli ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari tungkol sa pagsasaing ni Bebang.
  *Sa pagkakataong ito ay magkakasunod-sunod na ang pagkakadikit ng sumusunod sa pisara.*

  Pamagat: **Ang Sinaing ni Bebang** (*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes)*

| |
|---|
| Pagkagising ni Bebang ay nadatnan niyang naglalaba ang kanyang ina kaya nagpaalam ito kung maaari siyang tumulong. |
| Si Bebang ay sinabihan ng kanyang ina na magsaing na lamang kaysa tumulong sa paglalaba sapagkat malapit na rin naman siyang matapos. |
| Kinuha ni Bebang ang kaldero at nilagyan ito ng dalawang takal ng bigas. |
| Hinugasan ni Bebang ang bigas nang dalawang beses. |
| Isinalang na ni Bebang ang bigas sa kalan at binantayan ito habang naluluto. |

- Tanong: Ano pa kayang wakas ang maaaring maibigay sa tekstong ito?
  *Ilang inaasahang sagot:*
  - *Masayang kumain nang sabay-sabay ang pamilya ni Bebang.*
  - *Nasunog ang sinaing ni Bebang.*
- Isusulat ng mga mag-aaral ang kani-kaniyang wakas sa kanilang *worksheet*. Maaaring magtawag ng ilang
  mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naisulat sa klase.

**Bahagi 4***: Lesson Activity*
Time: 25 mins.
**4A. Storytelling Session** *(Guided Activity)*

- Sabihin: Makinig nang maigi sa kuwentong aking babasahin.

**Masipag Nang Mag-aral si Jona**
*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*



Si Jona ay isang mag-aaral sa ikatlong baitang sa Paaralang Elementarya ng 15th Avenue. Siya ay madalas na lumiliban sa klase dahil hindi siya nagigising nang maaga. Naglalaro siya sa kanyang *tablet* at nag-re-*record* ng sayaw sa Tiktok hanggang hatinggabi. Sa kadahilanang hindi siya nakasusunod sa mga aralin ay panay bagsak at mababa ang markang nakuha niya sa mga pagsusulit. Nang tanggapin ng kanyang tatay ang kanyang *card*, napansin niya ang pagkadismaya nito dahil sa mababa niyang grado.

Sa kagustuhang mapasaya ang kanyang ama at matutuhan ang mga bagong aralin ay sinikap ni Jona na matulog na nang maaga. Tinanggal na rin niya ang Tiktok sa kanyang *tablet*. Simula noon ay naging masipag na si Jona sa kanyang pag-aaral.

- Tanong: Ano sa tingin ninyo ang magiging wakas ng kuwentong ating binasa?
- Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa kanilang *worksheet*.
- Maaaring magtawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat.

**4B. Museo ng mga Kuwentong Nangangailangan ng Wakas** *(Group Task)*

- Sabihin: Upang lalo nating ma-ensayo ang ating kaalaman sa pagbibigay ng wakas sa mga kuwento,
  iikot kayo sa ating "museo".
- Ang mga kwento ay dapat naipaskil na ng guro bago ang simula ng klase sa iba't ibang sulok ng silid-aralan. Maaari rin naman na ipaskil ito sa labas ng silid-aralan.
- Ipapangkat ng guro ang mga mag-aaral.
- Sabihin: Ang unang pangkat ay unang pupuntahan ang unang kuwento, ang ikalawang pangkat naman ay unang pupunta sa ikalawang kuwento at ang ikatlong pangkat ay magsisimula sa ikatlong kuwento. Pagkatapos basahin ang kuwento ay isusulat ng mga mag-aaral ang wakas na ibibigay nila sa kuwento sa kanilang *worksheet*. Pagkaraan ng limang minuto ay lilipat sila sa susunod na istasyon sa "museo", babasahin ang kuwento sa istasyon na iyon, at bibigyan ito ng wakas. Bibigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto sa bawat istasyon.

Kuwento sa unang istasyon: **Kakain na si Boyet**

*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*




Katatapos lamang ng klase ni Boyet sa Edukasyong Pisikal o P.E. Naglaro sila ng tumbang preso kung saan ay hinawakan niya ang mga tsinelas na may bakas ng dumi. Alam ni Boyet na marumi ang kanyang kamay ngunit dahil gutom na gutom na siya ay ipinagpaliban niya ang paghuhugas ng kamay. Ginamit niya ang marumi niyang kamay sa paghawak sa kanyang baong tinapay. Naubos agad ito ni Boyet at tsaka pa lamang siya naghugas ng kanyang kamay.

Kuwento sa ikalawang istasyon:

**Ang Mga Paboritong Pagkain ni Nena**

*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*





Si Nena ay isang maliit na batang babae. Sa tuwing maghahain ng gulay ang kanyang ina ay mas pinipili na lamang nito na hindi kumain. Kumakain lamang siya sa tuwing ang ulam nila ay *hotdog*, *corned beef,* o kahit anong pritong pagkain na hindi gulay. Pagkatapos kumain ay naka-ugalian na rin niyang pumunta sa tindahang katabi ng kanilang bahay para bumili ng *softdrinks* at chichiryang kakainin niya habang nanonood ng telebisyon.

Kuwento sa ikatlong istasyon:

**Mahilig Magbasa si Tina**

*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*



Mahilig magbasa si Tina. Sa katunayan ay hindi siya nanonood ng mga palabas sa telebisyon, sa *Youtube* o kahit sa *Tiktok*. Ang laman ng kanyang *tablet* ay puro babasahin. Puno rin ng iba't ibang klase ng libro ang kanyang kwarto ngunit madalas ay inaabot siya ng gabi kababasa. Kahit gabi na ay hindi niya binubuksan ang ilaw sa kanyang kuwarto at pilit na inaaninag ang kanyang binabasa sa gitna ng kadiliman.

**Tanong:**

T1. Ano ang maaaring maging wakas ng unang kuwento? ng ikalawang kuwento? ng ikatlong kuwento?


T2. Ano-ano ang mga isinaisip ninyo habang sumusulat ng wakas para sa mga kuwento?

**4C. Pagbibigay ng Wakas** *(Individual Task)*

- Sabihin: Upang lalo nating ma-ensayo ang ating kaalaman sa pagbibigay ng wakas sa mga kuwento, basahin nang tahimik ang kuwentong, "Nagtanim ng mga Gulay si Ken" at gawan ito ng wakas.

**Nagtanim ng mga Gulay si Ken**

*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*



Isa sa mga aralin ni Ken sa asignaturang agham ay ang kahalagahan ng pagtatanim ng mga halaman upang makatulong sa kalikasan. Naengganyo si Ken at sinimulan niyang magtanim ng talong sa kanilang bakuran. Nang nakita niyang malapit nang lumabas ang mga bunga nito ay natuwa siya kaya nagtanim pa siya ng mga kamatis at okra.

- Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sariling wakas sa kanilang *worksheet.*

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, ibahagi sa klase ang wakas na isinulat ninyo para sa kuwentong, "Nagtanim ng mga Gulay si Ken".
- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay mas i-e-ensayo pa natin ang pagbibigay ng wakas sa kwento at ang pagtukoy ng pinaka-wastong wakas.

**Paalala sa Guro:** Maaaring magdagdag ng mga larawang angkop para sa mga kuwento o mga gawaing hindi nabanggit sa aralin.

**Day 4, Lesson Plan 8**

## Pagbibigay ng Wastong Wakas sa Binasang Kuwento

### Key Idea

- Nakapagbibigay ng wastong wakas sa binasang kuwento


### Most Essential Learning Competencies

- Nakasusulat ng wakas sa binasang kuwento (F3PB-Ih-14) (F3PB-IIi-14) (F3PB-IIIi-14) (F3PB-IVf-14)
- Nakapaghihinuha ng wastong wakas sa binasang kuwento

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
Paghihinuha ng wakas sa kuwentong binasa

- Sabihin: Mahilig ba kayong makipagkuwentuhan?
  Isiping may kausap ka na kinukuwento ang sumusunod:

  Pamagat: **Si Ronnie na Mag-aaral sa Umaga at Barker sa Hapon** (*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes)*



Alam mo ba kung ano ang ginagawa ng isang barker? Sila yung nagtatawag ng mga pasahero para mapuno ang isang pampasaherong *jeep*. Nakita ko si Ronnie na ginagawa iyon pagkagaling sa paaralan. Minsan nga ay naka-uniporme pa siya. Kahit nagtratrabaho siya bilang barker sa hapon ay hindi siya lumiliban sa klase at nakikinig nang matiwasay sa kanyang mga guro.

- Tanong:
  T1. Ano ang maaaring maging wakas ng kuwento ng iyong kausap?
  T2. Ano-ano ang mga kailangang isaisip sa tuwing nagsusulat ng wakas para sa kwento?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makapagsusulat ng wastong wakas sa kuwentong binasa ang mga mag-aaral.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

- Basahing muli ang mga wakas na ibinigay ng inyong mga kamag-aral sa kuwentong, “Si Ronnie na Mag-aaral sa Umaga at Barker sa Hapon”.
  *Mainam kung maisusulat ng guro sa pisara ang mga wakas na nabanggit ng mga mag-aaral.*
  *Maaari rin namang i-type ng guro ang mga wakas na nabanggit ng mga mag-aaral at ipakita ito sa klase*
  *gamit ang projector screen o LCD screen.*

- Tanong: Alin sa mga naibahagi ninyong sagot ang pinakaangkop na wakas para sa kuwento? Isusulat ng mga mag-aaral ang kani-kaniyang rason sa kanilang *worksheet*.

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Reasoning Out** *(Guided Activity)*

- Sabihin: Makinig nang maigi sa kuwentong aking babasahin.



**Si Luna, Ang Maagap na Bata**

*Isinulat ni Alyyana Marie P. Reyes*

Si Luna ay isang mag-aaral sa ikatlong baitang sa klase ni Gng. Ramos. Palaging maaga kung pumasok si Luna. Isang umaga ay naabutan siya ni Gng. Ramos na nagwawalis ng kanilang bakanteng silid-aralan.

- Tanong: Alin sa sumusunod ang pinaka-angkop na wakas sa kuwentong binasa?
  - **A.** Si Luna ay pagagalitan ni Gng. Ramos.
  - **B.** Si Luna ay pasasalamatan ni Gng. Ramos.
  - **C.** Si Luna ay panonoorin lamang ni Gng. Ramos habang naglilinis.
- Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa kanilang *worksheet*. Ipaliliwanag din nila kung bakit iyon ang napili nilang sagot.
- Maaaring magtawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat.

**4B. Game: Pila sa Tamang Wakas**

- Sabihin: Upang lalo nating ma-ensayo ang ating kaalaman sa pagbibigay ng wastong wakas sa mga kuwento, maglalaro tayo ng "Pila sa Tamang Wakas". Ang mekaniks ay hawig ng sa pera o bayong. Babasahin muna natin ang sitwasyon. Pagkatapos ay magpapakita tayo ng maaaring maging wakas ng bawat sitwasyon. Bibigyan kayo ng sampung segundo para makapag-isip ng inyong pipiliing sagot. Pipila kayo sa tapat ng letra ng inyong sagot.
- Maaaring hatiin ang pisara sa apat na bahagi para sa A, B, C, at D na pipilahan.

Sitwasyon #1:

Nag-anunsyo ang guro ni Tina na magkakaroon sila ng pagsusulit sa Filipino bukas. Pag-uwi ay dali-daling ibinaba ni Tina ang kanyang bag at lumabas ng bahay upang makipaglaro sa kanyang mga kaibigan. Ginabi na ng uwi si Tina. Pagod na pagod siyang umuwi kaya pagkakain ng hapunan ay natulog na agad siya.

A. Si Tina ay katutuwaan ng kaniyang guro sa Filipino.
B. Si Tina ay makakukuha ng mataas na marka sa Filipino.
C. Si Tina ay makapag-aaral pa sa umaga bago ang pagsusulit.
D. Si Tina ay makakukuha ng mababang marka sa kanilang pagsusulit.

Sitwasyon #2:

Malakas ang ulan nang nagising si Aling Roda. Nagbukas siya ng radyo upang makibalita kung may pasok pa ang kanyang mga anak. Ilang sandali lamang ay ibinalita na ang pagdaan ng bagyo sa kanilang siyudad kung kaya ay kanselado ang pasok ng kanyang mga anak. Sinigurado niya pa ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa guro ng mga anak.

A. Gigisingin ni Aling Roda ang kaniyang mga anak para tawagan ang guro.
B. Hahayaan ni Aling Roda ang kaniyang mga anak na maligo sa labas.
C. Hahayaan ni Aling Roda ang kaniyang mga anak na matulog pa nang mas mahaba.
D. Gigisingin ni Aling Roda ang kaniyang mga anak upang makapaghanda para sa klase.

Sitwasyon #3:
Si Jose ay maraming kaibigan. Binibigyan at pinahihiram niya ng mga kagamitan sa pag-aaral ang mga kaklase niyang walang panulat at papel. Pinahihiram niya rin ng laruan ang mga kapit-bahay niyang nakakalaro niya sa labas. Bukas ay kaarawan na ni Jose.

A. Iiyak ang kaniyang mga kaibigan.
B. Tataguan siya ng kaniyang mga kaibigan.
C. Hindi siya papansinin ng kaniyang mga kaibigan.
D. Isusupresa si Jose ng kaniyang mga kaibigan ng isang maliit na handaan.

Sitwasyon #4:
Si Andrei ay mahilig maglaro ng *Mobile Legends*. Hindi siya tumitigil sa paglalaro hanggang hindi siya nakararami ng pagkapanalo. Isang araw, si Andrei ay inimbitahan ng kanyang mga kapit-bahay na maglaro. Inabot sila ng hanggang madaling araw sa paglalaro. May pasok pa kinabukasan.

A. Makakukuha ng matataas na marka si Andrei.
B. Si Andrei ay hindi magigising sa tamang oras para sa kanyang klase.
C. Makakapag-pokus si Andrei sa kanyang mga aralin sa paaralan kinabukasan.
D. Matutuwa ang mga magulang ni Andrei sa pagtulog niya nang madaling-araw.

Sitwasyon #5:
Inutusan ni Aling Marta ang kanyang anak na si Joy na bumili ng toyo sa tindahan. Nang makarating si Joy sa tindahan ay nakita niya ang mga bagong displey na laruan. "Ang-astig naman nito. Makabili nga ng isa," bulong ni Joy sa kaniyang sarili. Bumili si Joy ng isang *water gun*. Agad din niya itong sinubukan at nakipaglaro sa mga kaibigan.

A. Makikipaglaro si Aling Marta kay Joy gamit ang *water gun*.
B. Matutuwa si Aling Marta kapag nakita niyang masaya si Joy sa laruan.
C. Makikipag-away si Joy sa mga kalaro niya dahil hindi niya ipahihiram ang laruan.
D. Madidismaya si Aling Marta sa anak at pagsasabihan si Joy sa nagawa nitong mali.

**Tanong:**
T1. Ano-ano ang mga isinaisip ninyo habang pumipili ng wastong wakas para sa mga kuwento?

**4C. Pagbibigay ng Wastong Wakas** *(Individual Task)*

- Sabihin: Upang lalo nating ma-ensayo ang ating kaalaman sa pagbibigay ng wakas sa mga kuwento, kayo naman ang gagawa ng sarili ninyong sitwasyon o ng mga kuwentong nangangailangan ng wakas.

- Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sariling gawang sitwasyon o kuwento sa kanilang *worksheet.*

- Ilalagay ng mga mag-aaral ang mga sitwasyon o kuwento na ginawa nila sa isang bunutan.

- Bubunot ang bawat mag-aaral ng isang papel na gagawan nila ng wastong wakas.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan ninyo ang aralin, ibahagi sa klase ang nabunot ninyong sitwasyon o kwentong gawa rin ng inyong kamag-aral at ibahagi ang wakas na inyong isinulat.
- Maaaring tanunin ang orihinal na nagsulat ng sitwasyon/ kwento kung tugma sa inaasahan niyang wakas ang naisulat ng kamag-aaral.
- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay maglalarawan tayo ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.

**Paalala sa Guro:** Maaaring magdagdag ng mga larawang angkop para sa mga kuwento o mga gawaing hindi nabanggit sa aralin.

# Day 5, Lesson Plan 9

**Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan**

## Key Idea

Paglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan

### Most Essential Learning Competencies

- Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin .
- Nakasasali sa usapan at talakayan, pagkukuwento at pagsulat ng sariling pangungusap
- Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop bagay at lugar sa pamayanan .

**Component 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Tula: **Si Mocca**

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Ibigay ang angkop na wakas ng kuwento o pahayag. Sabihin ito ng kumpletong pangungusap.

**Tanong:**

1. Maraming nagkalat na basura sa tapat na bahay nina Jonash.
   _______________________________________________
2. Maagang natutulog si Sean kapag may pasok sa paaralan.
   _______________________________________________
3. May sakit ang bunsong kapatid ni Rico.
   _______________________________________________

**Sample answers:**

Q1. Wawalisin ni Jonas ang kalat sa tapat ng bahay nila.

Q2. Magigising ng maaga upang hindi mahuli sa klase.

Q3. Dadalhin sa ospital ng kanyang ina at ipapagamot.

**Component 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Ang aralin natin sa araw na ito ay tungkol sa paglalarawan o pang-uri.

  Inaasahan na kayo ay makapaglalarawan ng tao, bagay, hayop at lugar sa komunidad.

  Ang mga salitang panlarawan ay mga salitang naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay at maging pangyayari upang pagandahin ang paglalarawan sa ngalang inilalahad.

**Component 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Basahin ang tula.

**Si Mocca**
Sinulat ni Ana Marie M. Ventuso

Ako ay may alaga
Siya ay si Mocca
Lagi kung kasama
Sa tuwi-tuwina

Balahibo nya'y puti
At laging nakangiti
Siya ay malambing
Masigla at masayahin

Sa aming pag-alis
Pilit tinatanggal
Sapatos o sandal
Kaya kami'y nagtatagal

At sa aming pagdating
Masayang si Mocca
Medyas namin sa paa
Tatangggalin niya

**Sagutin ang mga tanong:**

Ano ang pamagat ng kuwento?
Sino si Mocca?
Ano-anong mga salita ang naglalarawan kay Mocca?
Saan tumutukoy ang mga salitang ito? Isulat ang sagot sa kahon.

1. Puti ☐
2. Laging nakangiti ☐
3. Malambing, masigla, masayahin ☐

**Sample answer**:

Kulay

Ugali

Katangian

**Component 4*****: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Component 4A**

- Basahin ng guro ang mga pangungusap.

- Basahin ng mga mag-aaral ang pangungusap.


*Matangos ang ilong ni Carlo.  (anyo)*
*Ang bola ay bilog. (hugis)*
*Malakas ang tahol ng aso. (tunog)*
*Malawak ang lupain ng aking ama sa probinsiya. (sukat)*
*Maalat ang Adobong luto ni nanay. (lasa)*
*Matalino talaga si Erica. (katangian)*
*Naging masaya ang pamamasyal namin sa Luneta. (damdamin)*
*Ang aking kaibigan ay masipag at matulungin. (ugali)*
*Kayumanggi ang kulay ng mga Pilipino. (kulay)*
*Ang baon ni Masha ay Lima. (bilang)*

- Anong mga salita ang naglalarawan sa bawat pangungusap?  Saan ito tumutukoy?
- Ano ang tawag sa mga salitang nabanggit?

**Component 4B**

- Pagmasdan ang mga larawan. Sumulat ng pangungusap na naglalarawan ukol dito.

*Q1.*



*Q2.*



*Q3.*



- Sino ang nais na sumagot?
- Isulat ng guro ang mga sagot sa pisara.

**Sample answers:**

*Q1. Ang mansanas ay pula.*

*Q2. Ang puno ng niyog ay mataas.*

*Q3. Si Manny Pacquiao ay malakas.*


**Component 4C**

- Basahin ang pangungusap. Tukuyin ang salitang naglalarawan at saan ito tumutukoy. Isulat ang sagot sa graphic organizer.

*Q1. Ang bulaklak na Sampaguita ay mabango.*

*Q2. Malakas ang ulan kanina kaya bumaha na naman.*

*Q3. Namatay ang aso ko kaya malungkot ako.*




- Alamin ang sagot ng bawat isa at sabihing kaya mo yan. Tanungin kung sino ang gustong sumagot.
- Isulat ang sagot sa pisara.

**Sample answers:**

*Q1. Mabango – amoy*

*Q2. Malakas - tunog*

*Q3. Malungkot  - damdamin*

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Ang mga salitang panlarawan ay mga salitang naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay at maging pangyayari, upang pagandahin ang paglalarawan sa ngalang inilalahad.

- *Q1.* Sa paggamit ng *pang-uri* sa ating pang-araw araw na buhay tayo ay makakapagsabi o mas madali nating malalahad ang ating damdamin o nararamdan at naibabahagi natin ang ganda ng mga nakapaligid sa atin. *Paano nakatulong sa iyo ang ating aralin?*

- *Q2.  Nakatulong ba ito upang madali kang makapaglahad ng iyong damdamin at nararamdaman? Paano?*

- Ipaalam sa kanila kung kaya sila naging mahusay na mag-aaral ay sumasalamin sa kung ano ang kanilang mga natutuhan.

**REMINDER:** Kolektahin ang mga gawain sa pagsasanay upang matukoy at masuri kung ano ang kanilang natutuhan.

# Day 5, Lesson Plan 10

### Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan

## Key Idea

Paglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan

### Most Essential Learning Competencies

- Natutukoy ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Nagagamit ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Naisasabuhay sa ating pang-araw araw na tayo ay makapagsabi o mas madali nating malahad ang ating damdamin o nararamdan sa paggamit ng pang-uri.

**Component 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Tula: **Si Mocca**

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
- Basahin ang pangungusap at guhitan o isulat ang salitang naglalarawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Tanong:**

1. Mahalimuyak ang bulaklak ng Sampaguita.

0. Sadyang masayahin ang aking kapatid.

0. Maiksi ang suot na palda ni Mara.

**Sample answers:**

Q1. mahalimuyak

Q2. masayahin

Q3. *maiksi*

**Component 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Ang aralin natin sa araw na ito ay tungkol sa paglalarawan o pang-uri.

  Inaasahan na kayo ay makapaglalarawan ng tao, bagay, hayop at lugar sa komunidad.

  Pang-uri ang tawag sa mga naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay, lugar at maging pangyayari.

**Component 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Basahin ang kuwento.

**Ang Batang si Koper**

Sinulat ni Ana Marie M. Ventuso

Si Koper ay isang mag-aaral mula sa Ikatlong Baitang. Nag-aaral siya sa Paaralang Heneral Licerio Geronimo. Nakatira siya sa **makipot** na tirahan ng kanyang lola sa Sampaloc. Ulilang lubos na si Koper at **mahirap** lamang ang kanyang lola. Ngunit kahit na walang magulang na nag-aaruga sa kanya ay hindi ito naging hadlang upang siya ay makapag-aral. Araw-araw ay **masaya** siyang pumapasok sa paaralan. Siya ay **maliit**, **mahaba** ang buhok at may **balingkinitang** pangangatawan. **Pinakamaliit** man sa buong klase ay isa siya sa **pinakaaktibo** sa lahat. **Masikap at maaasahan** ang batang ito. Katunayan nito ang pagiging kasama nito sa isa sa may karangalan sa kanilang baitang. **Maaasahan** din siya ng kanyang guro. Hindi na siya kailangang utusan ng mga bagay na gagawin sa silid-aralan. Ang pagiging **magalang**, **magiliw** at **palakaibigan** ay mga katangiang kanya ring taglay.

**Sagutin ang mga tanong:**

Ano ang pamagat ng kuwento?
Sino ang batang si Koper?
Ano-ano ang mga salitang naglalarawan sa kuwento? Saan-saan ito tumutukoy?
Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawan? Pumili ng pang-uri mula sa kahon at sabihin kung saan ito tumutukoy.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mahirap | makipot | masaya | maliit |
| Balingkinitan | pinakamaliit | mahaba | |
| masikap | palakaibigan | | |

**Sample answer**:

Makipot - sukat

Palakaibigan – ugali

Masaya - damdamin

**Component 4*****: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**Component 4A**

- Basahin ang mga pangungusap ng guro.
- Basahin ng mga mag-aaral ang pangungusap.
- Ano pang-uri sa pangungusap? Saan-saan ito tumutukoy?

**Component 4B**

- Tukuyin ang pang-uri sa pangungusap. Ano ang inilalarawan nito

- Sino ang nais na sumagot?
- Isulat ng guro ang mga sagot sa pisara.

**Sample answers:**

*1 Matipid ang aking kapatid na si Rico.*

*2. Malungkot si Ana sa pagkamatay ng kanyang aso.*

*Q3. Malawak ang Luneta Park.*

**Component 4C**

- Sumulat ng pangungusap gamit ang pang-uri na tumutukoy sa sukat, hugis at lasa. Isulat ito sa cloud organizer.

*Q1. sukat.*

*Q2. hugis.*

*Q3. Lasa*

- Alamin ang sagot ng bawat isa at sabihing kaya mo yan. Tanungin kung sino ang gustong sumagot.
- Isulat ang sagot sa pisara.

**Sample answers:**

*1. Masikip ang aming kwarto sa Sampaloc.*

*2. Ang kanyang mukha ay hugis puso.*

*Q3. Masyadong matamis ang halo-halo na gawa ni nanay..*

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Pang-uri ang tawag sa mga naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay, lugar at maging pangyayari.

- *Q1.* Sa paggamit ng *pang-uri* sa ating pang-araw araw na buhay tayo ay makakapagsabi o mas madali nating malalahad ang ating damdamin o nararamdan at nababahagi natin ang ganda ng mga nakapaligid sa atin. *Paano nakatulong sa iyo ang ating aralin?*

2. *Nakatulong ba ito upang madali kang makapaglahad ng iyong damdamin at nararamdaman? Paano?*

- Ipaalam sa kanila kung kaya sila naging mahusay na mag-aaral ay sumasalamin sa kung ano ang kanilang mga natutuhan.

**PAALALA**: Kolektahin ang mga gawain sa pagsasanay upang matukoy at masuri kung ano ang kanilang natutuhan.

## Day 6, Lesson Plan 11

**Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay**

**Key Idea**

- Masabi ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasabi ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay

| |
|---|
| **Bahagi 1: Lesson Short Review**<br><br>Time: 7 mins.<br><br>Game: Mystery Box<br><br>▪ Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito? Bago tayo magsimula maglaro muna tayo ng Mystery Box.<br>▪ Sa larong Mystery Box, bubunot kayo ng isang larawan at inyong tutukuyin kung ano ang ipinapakita nito. (PICTURES) |
| **Bahagi 2**: **Lesson Purpose/Intention**<br><br>Time: 3 mins.<br><br>Play: Hopscotch<br><br>▪ Sa araling ito, kayo ay inaasahan na makapagsasabi o makapagtutukoy sa paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay.<br>▪ Maglagay ng mga larawan sa sahig na may kaugnayan sa mga sumusunod na sanaysay.<br><br>1. Ang Aking Paboritong Hayop<br>2. Ang Aking Paboritong Libro<br>3. Si Pong Pagong |
| |

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Time: 5 mins.

**Game: Story Bingo**

- Tanong: Nakapaglaro na ba kayo ng Story Bingo? Ano ang naramdaman ninyo habang ginagawa ito?
- Sabihin: Ngayon, tayo ay maglalaro ng larong Story Bingo.
- Ihanda ang larawan at ipangkat ang klase sa 3 or 4.
- Tanong:

T1. Anong larawan ang nabuo?

T2. Tungkol saan ang kuwento o sanaysay?

T3. Ano ang pangunahing mensahe na nais iparating ng kuwento o sanaysay?

**Bahagi 4**: **Lesson Activity**

Time: 25 mins.

**4A. Game: Picture Story Sequencing**

- Sabihin: Kanina ay naglaro tayo upang malaman ang paksa ng kuwento o sanaysay.

  Ngayon, tukuyin naman natin ang iba pang paksa o tema sa mga teksto, kuwento o sanaysay.

- Ihanda ang mga teksto, kuwento o sanaysay sa pamamagitan ng larong Picture Story Sequencing

  Sabihin: Magpapakita ako ng iba't ibang larawan. Tukuyin ninyo kung anong larawan ang magkaka-ugnay at iaayos ninyo ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng kuwento o sanaysay.

**Ang Aking Paboritong Hayop**

Mayroong isang hayop na talagang aking paborito. Ito ay ang asong si Bantay. Ang asong si Bantay ay malusog, mabait, at masayahin. Tuwing umaga, naglalaro kami sa bakuran at nagtutulong sa paglilinis ng bahay. Kapag malungkot ako, siya ang aking kasama upang magbigay saya sa akin. Tunay na napakasuwerte ko dahil may kaibigang katulad ni Bantay.

Mga Tanong:

T1. Ano ang pinakamahalagang ideya na ipinapahayag ng teksto, kuwento o sanaysay?

T2. Bakit mahalaga ang paksa o tema na ito sa ating personal na buhay?

T3. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

**Ang Aking Paboritong Aklat**

Sa mga napakaraming libro na aking nabasa, mayroong isang libro na talagang tumatak sa aking puso. Ito ay ang "Ang Munting Prinsipe" ni Antoine de Saint-Exupéry. Ang kwento tungkol sa munting prinsipe at ang kanyang paglalakbay sa iba't ibang planeta ay nagbigay sa akin ng maraming aral at inspirasyon. Kapag aking binabasa ang aklat na ito, nararamdaman ko ang kahalagahan ng pagkakaisa at pagmamahal sa kapwa.

Tanong:

T1. Ano ang pinakamahalagang ideya na ipinapahayag ng teksto, kuwento o sanaysay?

T2. Bakit mahalaga ang paksa o tema na ito sa ating personal na buhay?

T3. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

**Ang Mabait na Pusa (Guided Reading)**

Sa isang maliit at payak na nayon, may nakatira na isang mabait na pusa na may balahibong puti at may mga matang kulay berde. Ang pangalan niya ay Snowball. Si Snowball ay kilala sa buong nayon dahil sa kanyang kabaitan at pagmamahal sa kapwa hayop. Isang araw, habang naglalakad si Snowball sa kalsada, nakita niya ang isang munting daga na may sugat sa kanyang paa. Hindi nag-atubiling lumapit si Snowball at tinulungan ang munting daga. Maingat niyang pinahiran ang sugat nito at dahan-dahang dinala sa isang lugar na ligtas. Matapos ang ilang araw, nagpunta muli si Snowball sa lugar kung saan niya iniwan ang munting daga. Nakita niya itong malusog at masigla na. "Salamat sa iyong kabaitan, Snowball," pasasalamat ng munting daga. Mula noon, naging magkaibigan sina Snowball at ang munting daga. Madalas silang maglaro at magkausap tungkol sa kanilang mga paboritong bagay. Sa tulong at pagmamahal ni Snowball, unti-unti rin na naging tapat si munting daga sa kanya. Sa kabila ng pagsubok at kahirapan, patuloy na nagpakita ng kabutihan si Snowball sa

kanyang kapwa hayop. Sa kanyang mga mabubuting gawa, naging halimbawa siya ng pagmamahal at pag-aalaga sa buong nayon.

Mga Tanong:

T1. Ano ang pinakamahalagang ideya na ipinapahayag ng teksto, kuwento, o sanaysay?

T2. Bakit mahalaga ang paksa o tema na ito sa ating personal na buhay?

T3. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

**4B. Game:  Picture Treasure Hunt**

- Sabihin: Upang lalo natin maunawaan at matukoy ang paksa o tema sa isang kuwento, teksto o sanaysay, tayo ay maglalaro muli.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Hanapin sa loob ng kahon ang nawawalang larawan sa kuwento, teksto'o sanaysay.
- 

Mga Tanong:

T1. Ano ang mga halimbawa mula sa teksto na nagpapakita ng pangunahing tema o mensahe?

T2. Paano mo maikukumpara ang paksa o tema ng teksto sa iyong sariling karanasan o sa mundo sa paligid mo?

T3. Paano mo maipapaliwanag ang paksa o tema ng teksto sa iyong sariling mga salita?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Babasahin ng guro ang maiking kuwento.

Sa isang maliit at tahimik na bayan sa tabi ng dagat, may isang batang lalaki na nagngangalang Juan. Si Juan ay anak ng isang mangingisda. Simula pa lang ng kanyang kabataan, mahal na mahal na niya ang dagat at ang lahat ng may kinalaman dito.

Isang araw, habang si Juan ay naglalakad sa tabing-dagat, nakakita siya ng isang magandang butil ng perlas. Napangiti siya ng malaki at agad niyang itinago ang perlas sa kanyang bulsa. Napasyal siya sa buong bayan, punong-puno ng saya sa kanyang natagpuang kayamanan.

Pagkatapos ng ilang araw, nagpunta si Juan sa palengke upang ipagbili ang kanyang perlas. Sa loob ng ilang minuto, nakapagbenta siya nito sa isang mayamang negosyante. Ang perlas ay nagbigay kay Juan ng malaking halaga ng pera, higit pa sa kanyang inaasahan.

Tanong:

1. Sino ang tauhan sa kuwento?

   A. Dan B. Mark C. Juan

2. Tungkol saan ang kuwento?

   A. Napulot na perlas B. Anak ng magsasaska C. Ang batang si Juan

3. Ano ang pangunahing mensahe ng teksto, kuwento o sanaysay?

   A. Si Juan ay anak ng isang mangingisda.

   B. Si Juan ay naglalakad sa tabing-dagat, nakakita siya ng isang magandang butil ng perlas.

   C. May isang batang lalaki na nagngangalang Juan.

4. Ano ang paksa o tema ng kuwento?

    A. Si Juan ay nakapulot ng isang butil ng perlas.

    B. Ang perlas ay nagbigay kay Juan ng malaking halaga ng pera.

    C. May isang batang lalaki na nagngangalang Juan.

5. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maintindihan niyo pa ang ating aralin

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 6, Lesson Plan 12**

**Bahagi 1: Lesson Short Review**

**Time: 7 mins.**

**Game: Mystery Box**

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito? Bago tayo magsimula maglaro muna tayo ng Mystery Box.

- Sa larong Mystery Box, bubunot kayo ng isang larawan at inyong tutukuyin kung ano ang ipinapakita nito. (PICTURES)

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**

Time: 5 mins.

**Game: Connect the Dots**

- Tanong: Nakapaglaro na ba kayo ng Connect the Dots, Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
- Sabihin: Ngayon, tayo ay maglalaro ng larong Connect the Dots.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

Play: Hopscotch

- Sa araling ito kayo ay inaasahan na makapagsasabi o makapagtutukoy sa paksa o tema ng teksto, kuwento, o sanaysay.
- Mag lagay ng mga larawan sa sahig na may kaugnayan sa sumusunod na sanaysay.

**Ang Kahalagahan ng Edukasyon**

**Game: Story Bingo**

- Tanong: Nakapaglaro na ba kayo ng Story Bingo, Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito?
- Sabihin: Ngayon, tayo ay maglalaro ng larong Story Bingo.
- Ihanda ang larawan at ipangkat ang klase sa 3 or 4.
- Tanong

T1. Anong larawan ang nabuo?

T2. Tungkol saan ang kuwento o sanaysay?

T3. Ano ang pangunahing mensahe na nais

iparating ng Kuwento o sanaysay?

- Ihanda ang larawan at ipangkat ang klase sa 3 or 4.

**Ang Kwento ni Juan at ang Magic Pen**

T1. Anong larawan ang nabuo?

T2. Tungkol saan ang kuwento o sanaysay?

T3. Ano ang pangunahing mensahe na nais iparating ng kuwento o sanaysay?

**Bahagi 4**: **Lesson Activity**

Time: 25 mins.

**4A. Game: Picture Story Sequencing (Guided Reading)**

- Sabihin: Kanina ay naglaro tayo upang malaman ang paksa ng kuwento o sanaysay. Ngayon, tukuyin naman natin ang ibang paksa o tema sa mga teksto, kuwento, o sanaysay.
- Ihanda ang mga teksto, kuwento, o sanaysay sa pamamagitan ng larong Picture Story Sequencing

Sabihin: Magpapakita ako ng ibat ibang larawan. Tukuyin ninyo kung anong larawan ang mag kaka-ugnay at iaayos ninyo ito ayon sa pagkakasunod sunod ng kuwento o sanaysay.

## Ang Kahalagahan ng Edukasyon

Isa sa mga pinakamahalagang bagay sa ating buhay ay ang edukasyon. Ito ang nagbibigay sa atin ng kaalaman at kakayahan upang harapin ang mga hamon ng buhay. Sa pamamagitan ng edukasyon, nagiging mas matalino tayo at mas handa sa mga pagsubok na darating.

Una sa lahat, ang edukasyon ay nagbubukas ng mga pintuan ng oportunidad. Kapag tayo ay may sapat na kaalaman at kasanayan, mas madali nating makakamit ang ating mga pangarap at magkaroon ng magandang kinabukasan. Sa tulong ng edukasyon, maaari nating abutin ang ating mga pangarap na maging guro, inhinyero, doktor, at iba pa.

Pangalawa, ang edukasyon ay nagbibigay sa atin ng malawak na pang-unawa sa mundo. Dahil sa edukasyon, natututunan natin ang kasaysayan, agham, sining, at iba pang larangan ng kaalaman. Ito ay nagbubukas ng ating isipan at nagpapalawak ng ating pananaw sa buhay.

Higit sa lahat, ang edukasyon ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na makatulong sa iba at sa pag-unlad ng ating lipunan. Kapag tayo ay edukado, mas marami tayong magagawa para sa ating pamilya, komunidad, at bansa. Hindi lamang tayo nagiging responsableng mamamayan, kundi nagiging bahagi rin tayo ng pagbabago at pag-asa ng ating bayan.

Sa kabuuan, mahalaga ang edukasyon hindi lamang para sa ating sarili kundi para rin sa kinabukasan ng ating lipunan. Kaya naman, ating bigyan ng halaga at pagpapahalaga ang pag-aaral upang magkaroon tayo ng magandang kinabukasan at makatulong sa pag-unlad ng ating bansa.

Sa pamamagitan ng ganitong sanaysay, maipapahayag natin ang kahalagahan ng edukasyon at ang mga benepisyo nito sa ating buhay at lipunan. Ang edukasyon ay isang pamana na dapat nating pahalagahan at ipaglaban para sa ikauunlad ng ating mga sarili at ng ating bayan.

Tanong:

T1. Ipaliwanag ang paksa ng teksto gamit ang iyong sariling salita.

T2. Bakit mahalaga ang paksa o tema na ito sa ating personal na buhay?

T3. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

**4B. Game: Image Sorting:**

- Sabihin: Upang lalo natin maunawaan at matukoy ang paksa o tema sa isang kuwento, teksto, o sanaysay tayo ay maglalaro muli.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Hanapin sa loob ng kahon ang nawawalang larawan sa kuwento, teksto o sanaysay.

**Ang Maliit na Puno (Guided Reading)**

**Tanong:**

T1. Ano ang mga halimbawa mula sa teksto na nagpapakita ng pangunahing tema o mensahe?

T2. Paano mo maikukumpara ang paksa o tema ng teksto sa iyong sariling karanasan?

T3. Ipaliwanag ang paksa ng teksto gamit ang iyong sariling salita.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Babasahin ng guro ang maiking kuwento.

**Ang Maliit na Puno (Guided Reading)**

Sa isang malayong kagubatan, may isang maliit na puno na nakatira sa ilalim ng malaking puno. Ito ay si Marang, ang maliit na puno na punong-puno ng pangarap. Lahat ng mga kaibigan ni Marang, tulad ng mga ibon at insekto, palaging nagtatanong sa kanya, "Bakit ka maliit na puno? Hindi mo ba gusto maging tulad ng mga matataas na puno sa paligid natin?"

Ngunit hindi sumagot si Marang nang diretso. Sa halip, tuwing tanungin siya, lagi niyang sinasabi, "Ako man ay maliit, ngunit puno rin ako ng pangarap at pag-asa. Gusto kong maging tulad ng mga matataas na puno, hindi sa laki, kundi sa lakas at tatag." Isang araw, dumating ang malakas na bagyo sa kagubatan. Lahat ng malalaking puno ay natumba dahil sa lakas ng hangin at ulan. Ngunit si Marang, kahit maliit, ay nanatiling nakatayo. "Nakita mo 'yan?" bulalas ng mga insekto na kanyang kaibigan. "Kahit maliit, matibay si Marang!" Mula noon, ang maliit na puno ay naging inspirasyon sa iba. Hindi na nila hinangaan ang laki o taas, bagkus ang tatag at lakas ng loob na taglay ni Marang. Kaya't sa tuwing may bagyo o hamon sa buhay, lagi silang humihingi ng payo at lakas kay Marang, ang maliit na puno na puno ng pangarap at pag-asa. Ang kuwentong ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng determinasyon at pagiging matatag sa harap ng mga pagsubok. Hindi kailangang maging malaki o mataas para maging matibay at makamit ang mga pangarap.

Tanong:

1. Sino ang tauhan sa kuwento?

   A. Munting Puno     B. Si Luningning     C. Maliit na puno

2. Tungkol saan ang kuwento?

   A. Si Luningning

   B. Isang maliit na puno

   C. Ang maliit na puno na punong-puno ng pangarap.

3. Ano ang pangunahing mensahe ng teksto, kuwento, o sanaysay?

   A. Maging matibay at makamit ang mga pangarap.

   B. Kahalagahan ng determinasyon at pagiging matatag sa harap ng mga pagsubok.

   C. May isang maliit na puno.

4. Ano ang paksa o tema ng kuwento?

   A. Hindi kailangang maging malaki o mataas para maging matibay at makamit ang mga pangarap.

   B. May isang maliit na puno

   C. Huwag maging matatag sa harap ng mga pagsubok.

5. Ano ang iyong sariling opinyon o reaksyon sa paksa o tema na ito?

- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maintindihan niyo pa ang ating aralin

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

## Day 7, Lesson Plan 13

## Pangunahing Diwa ng Teksto

**Key Idea**

- Pagtukoy sa pangunahing diwa ng teksto.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang kahulugan ng pangunahing diwa.
- Nakikilala ang pangunahing diwa ng binasang teksto.
- Napahahalagahan ang pag-unawa sa diwa ng binasang teksto gamit ang sariling salita.

| Bahagi 1: *Lesson Short Review* |
|---|
| Time: 7 mins.<br><br>Panuto: Bilugan ang letra sa loob ng panaklong upang makabuo ng bagong salita.<br><br>1. uso + (k, p, l , m) = __________ Sagot: puso<br>2. uka + (h, m, n, t) = __________ Sagot: tuka<br>3. atas + (b, m, n, s) = __________ Sagot: batas<br>4. uno + (m, p, h, s) = __________ Sagot: puno<br>5. asa + (b, y, r, w) = ___________ Sagot: basa |
| **Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***<br><br>Time: 3 mins.<br><br>- Sa araling ito ay matutukoy natin ang kahulugan ng pangunahing diwa at makikilala ang pangunahing diwa ng binasang teksto. |
| **Bahagi 3: *Lesson Language Practice***<br><br>Time: 5 mins.<br><br>**Basahin natin ang isang maikling kuwento:**<br><br>Si Doña Marcela M. Agoncillo ay isang huwarang Pilipina dahil sa kaniyang katatagan, katapangan, at pagiging makatarungan. Sinundan niya ang kaniyang asawa sa Hong Kong at naging tapat na tagapagtaguyod ng simulaing makabayan. Kinupkop niya ang mga Pilipinong pumunta sa Hong Kong. Tinahi niya ang watawat ng Pilipinas ayon sa pakiusap ni Heneral Emilio Aguinaldo.<br><br>Tanong: |

- Paano kaya natin malalaman kung ano ang pangunahing diwa ng ating binasang kwento?
- Sabihin. Ngayon, mapag aaralan natin ang kahulugan ng pangunahing diwa
- Tanong. Ano ang kahulugan ng pangunahing diwa?
- Sagot. Ito ay mensaheng nais iparating ng talata. Ito din ay ang kaisipan o ideyang binibigyang-diin sa talata.
- Hikayatin ang mga mag-aaral na sabihin ang pangunahing diwa ng maikling kwentong binasa.

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Game: Spinning Wheel**

Sabihin: *May inihanda akong mga larawan.*

- *Papaikutin ng mga bata ang spinner na may ibat-ibang larawan na may nakasulat na maikling kuwento sa likod.*



- *Si Maya ay may bisikleta. Ang bisikleta niya ay kulay dilaw. Dalawa ang gulong nito. Mahilig magbisikleta si Maya tuwing hapon. Ito ang gamit niya papunta sa palaruan. May mga kalaro siya sa palaruan. May mga bisikleta rin sila.*

- *Ang alaga kong unggoy ang pangalan niya ay Moymoy. Ang kulay ay itim. Kung umakyat sa puno ay matulin. Maamo ang kaniyang mga mata. Kapag pinagmamasdan ang balahibo niya ay kay ganda. Pagulungin mo ang bola. Ito ay kaniyang lalaruin.*

- Sabihin: Pagkatapos ay tukuyin ang pangunahing diwa ng kuwento.
- Ipakita ang larawan at hayaan din ang iba na magbigay ng kanilang ideya.
- Gawin pa sa ibang mga mag-aaral

**4B. Gawain sa Grupo**

- *Pangkatin ang mga bata sa maliit na grupo.*
- *Ang bawat grupo ay bibigyan ng maikling kuwento.*

**Unang Pangkat**

Mahirap ang magulang ni Rolando. Hindi siya nakapag-aral. Maaga siyang naulila. Siya ang nagpalaki at nag-aruga sa kaniyang mga kapatid. Ngunit sa sariling pagsisikap natuto siyang bumasa at sumulat. Tinuruan muna siyang bumasa ng kanyang nakatatandang kapatid. Napaunlad niya ang kaalamang ito. Nakababasa at nakasusulat na siya gaya ng nakapagtapos sa paaralan.

**Ikalawang Pangkat**

Pinagyaman ng mga taga San Isidro ang kanilang kabundukan. Binungkal nila ang mga gilid nito at tinaniman ng mga bungang kahoy paligid ng bundok. Tinataniman rin nila ito ng palay. Ang mga bunga ng kanilang mga itinanim na mga kahoy ay kanilang ibinibenta upang pandagdag sa kanilang pang araw-araw na hanapbuhay. Masayang-masaya ang mga taong nakatira dito dahil hindi na sila bibili pa sa palengke.

**Ikatlong Pangkat**

Isinilang si Jose Rizal sa Calamba, Laguna noong Hulyo 19, 1861. Mayaman ang kaniyang ama. Malawak ang kaniyang taniman ng palay at tubo. Buhat sa mariwasang angkan ang kaniyang ina. Mataas ang pinag-aralan nito. Si Jose Rizal ay tunay na mula sa nakaririwasang angkan.

- *Hikayating talakayin ng bawat grupo ang maikling kwento upang maibigay ang pangunahing diwa ng kanilang binasang kwento.*
- *Ang bawat grupo ay magpapakita ng kanilang sagot sa buong klase.*

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Sa inyong palagay, paano nakatulong ang inyong kaalaman kung ano ang pangunahing diwa sa inyong pang-unawa sa nabasang kwento?.
- Ngayon, upang mas malaman ko kung naunawaan ninyo ang ating aralin, sipiin ng wasto ang liham. Ibigay ang pangunahing kaisipan nito.

Marso 8, 2024

Mahal kong Mila,

Magandang araw at kumusta kana? Maligayang bati sa iyong kaarawan. Sayang at hindi ako makadalo sa iyong pagdiriwang. Ang aking ina ay mayroong karamdaman. Sa susunod nating pagkikita ay ibibigay ko sa iyo ang aking inihandang munting regalo. Ipagpaumanhin mo ang aking di pagdalo sa iyong kaarawan.

| |
|---|
| Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Tandaan na importante ang malaman natin kung paano sipiin ang bawat tekstong binasa upang makabuo ng isang pangunahing diwa nito. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan, kuwento o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

## Day 7, Lesson Plan 14

## Pangunahing Kaisipan ng Teksto

### Key Idea

- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa.

### Most Essential Learning Competencies

- Naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Pagbasa ng Tula




**Kasiyahan sa Paaralan**

Isang araw sa aking pag-uwi
Kasiyahan ay hindi maikubli
Sa paaralang aking pinanggalingan
Mataas na marka aking nakamtan
Siguradong katuwaan,

*Sabihin: Basahin ang tula. Sagutan ang sumusunod na katanungan.*

- Ano ang paksa sa binasang tula?
- Ano ang mensahe ng tula?
- Sino ang tinutukoy sa tula na may kasiyahang nararamdaman?
- Bakit masayang-masaya ang nararamdaman ng bata sa tula?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sa araling ito ay naibibigay ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tekstong binasa.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Laro: Buoin Natin**

- *Ang mga bata ay bubuoin ang mga puzzle na may nakasulat na mga pangungusap. Sa likuran nito ay makikita ang mapa kung saan matatagpuan ang nawawalang regalo ni Betty.*




- Ibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang nabuong mga pangungusap sa klase.

**Bahagi 4***:* ***Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. : Pagbabasa ng Kuwento**

- *Basahin ang kuwento at sagutan ang mga katanungan.*

**Ang Nawawalang Regalo**

Kaarawan ni Betty. Dumalo ang kaniyang kaibigan na sina Mary at Ana. Tuwang-tuwa ang magkakaibigan sa paglalaro ng parlor games. Habang naglalaro, nakita ni Mary ang masarap na cake at spaghetti na nakahain sa mesa. Agad na niyaya ni Betty ang dalawa para kumain. Nang makatapos sila sa pagkain, niyaya ni Betty ang dalawa upang magbukas ng mga regalo. Napansin ni Betty na nawawala ang isa sa kaniyang mga regalo. Hinanap ng magkakaibigan sa kusina, sala at kuwarto ang nawawalang regalo. Nakita ni Betty na may nilalaro ang kaniyang alagang pusa. Lubos ang galak ni Betty nang makita ang nilalarong kahon ng kaniyang alaga. Ito ay ang hinahanap niyang nawawalang regalo.

Tanong:

1. Sino ang may kaarawan sa kuwento?
2. Sino ang nakapansin na nawawala ang regalo ni Betty?
3. Sa iyong palagay, sino kaya ang kumuha sa regalo ni Betty?
4. Ano kaya ang nangyari sa regalo ni Betty bakit iti kinuha ng kanyang alagang pusa?

**4B.**

- *Ipapangkat ng guro ang mga bata sa tatlong grupo. Bibigyan lamang ng limang minuto ang bawat pangkat na sumagot sa kani-kanilang nakatakdang gawain.*
- *Basahin ang teksto. Ibigay ang mga sumusuportang kaisipan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.*

Unang Pangkat

- Si Rita ay isang batang matulungin. Palagi siyang tumutulong sa kaniyang mga magulang atkapatid. Kapag dumarating ang kaniyang nanay galing palengke, dali-dali niya itong tinutulungan sa pagbubuhat ng mga dalahin.

Ikalawang Pangkat

- Si Simon ay sanay na sanay sa mga gawaing bahay. Sanay siya na magising nang maaga. Sanay siyang magligpit ng higaan. Sanay din siyang magluto at pinaghahandaan ng almusal ang kaniyang magulang. Kaya naman siya'y ipinagmamalaki ng kaniyang magulang.

Ikatlong Pangkat

- Bihasang-bihasa rin si Terry na pumasok mag-isa. Sanay na sanay din siyang tumawid sa kalsada. Sanay din siyang gumawa ng asignatura. Hindi na nag-aalala ang lola niya kapag siya ay pumapasok sa paaralan.

**Tanong:**

*T1. Ano-ano ang mga sumusuportang kaisipan sa binasang teksto?*

*Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang sagot sa klase*.

**Component 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Bilugan ang sumusuportang kaisipan sa kwento ni "Pong Pagong at Kong Matsing".

May dalawang magkaibigan si Pong Pagong at si Kong Matsing. Silang dalawa ay mabuting magkaibigan. Lagi silang magkasama sa mga pamamasyal. Sila rin ay madalas na nagtutulungan. Lagi rin silang nagkasalo sa pagkain. Hindi sila nag aaway . Kaya naman maraming hayop ang humahanga sa kanilang mabuting samahan.

| |
|---|
| - Pagtatapos ng aralin:<br>Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay kikilalanin naman natin ang pag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayaring binasang teksto. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

## Day 8, Lesson Plan 15

## Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teskto

# Key Idea

- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang tesksto upang mas malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pagunawa ng kabuuang ideya ng teskto.

### Most Essential Learning Competencies


- Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan.
- Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon.
- Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa isang kwento.

Bahagi 1: *Lesson Short Review*

Time: 7 mins.

Magpakita sa mga mag-aaral ng larawan

Larawan: Komunidad matapos salantain ng isang malakas na bagyo.



- Ipakita sa mga mag-aaral ang larawan at bigyan ng isang minuto upang suriin ang larawan.
  Tanong:
- T1. Ano ang inyong nakikita sa larawan?
  T2. Ano marahil ang sanhi kung bakit ganito ang kinahinantnan ng komunidad sa larawan

Bahagi 2: *Lesson Purpose/Intention*

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matututuhan mo kung paano mapag-ugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa isang teksto.

Bahagi 3: *Lesson Language Practice*

Time: 5 mins.

Ipabasa ang bawat pangungusap sa mga mag-aaral at tanungin kung ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

**Pagtukoy sa kahulugan ng salitang may Salungguhit**

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap

1. Ang gansa na may gintong itlog.
2. Ang gintong itlog ng gansa ay nangingintab.
3. Nakatitiyak ang matanda na maraming gintong itlog ang gansa.
4. ngingisi-ngising hula ng matanda.
5. Masyadong ganid ang matanda at nais niyang kunin ang lahat ng gintong itlog.

Sagot.

1. gansa: isang uri ng ibon na nangingitlog
2. nangingintab: kumikinang
3. nakatitiyak: nakasisiguro
4. ngingisi-ngisi: ngumingiti o masaya
5. ganid: mapangangkin, nais lahat

**Bahagi 4***: Lesson Activity*

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa: Maikling kuwento**

Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto upang basahin ang maikling kuwento

**Ang Gansang Nangitlog ng Ginto Hango sa Pabula ni Aesop**

May isang matandang babae na nag-aalaga ng Gansa. Ang Gansa ay nangingitlog paminsan-minsan. Isang araw ay nagulat ang matanda nang mapansing nangingintab ang itlog ng Gansa. Dali-dali niya itong pinulot at sinuri. Mabigat na mabigat ang itlog at nagniningning na parang ginto. "Gintong itlogl" tuwang-tuwang nagsisisigaw ang matanda. "Nangingitlog ng ginto ang Gansa ko! Gintong itlog! Gintong itlog!" Masayang-masaya ang matanda sa gintong itlog na bigay ng Gansa. Lalo siyang natuwa sapagkat araw-araw nangingitlog ang alaga niya. Naging mayaman ang matanda. Nakabili siya ng malawak na lupa at nakapagpatayo ng malaking bahay at nakapamuhay nang masagana. "Nakatitiyak ako," ngingisi-ngising hula ng matanda, "na kung papatayin ko ang Gansang ito at kukunin ko ang lahat ng gintong itlog nito ay magiging pinakamayaman ako sa komunidad na ito!" Pinatay nga ng ganid na matanda ang Gansa. Nanghinayang siya sapagkat wala kahit isa man lamang gintong itlog siyang nakita.

Tanong:

**4B:** Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang binasang maikling kuwento

Mga Tanong

- Anong uri ng hayop ang nangingitlog ng ginto sa kuwento?
- Ano ang nangyari sa matanda matapos makuha ang mga gintong itlog mula sa gansa?
- Bakit nais pa ng matanda ng mas marami pang itlog?
- Ano ang kanyang ginawa sa gansa upang makakuha ng mas marami pang itlog?
- Bakit nagsisisi ang matanda sa kaniyang ginawa?
- Ano ang naging *bunga* ng pagiging ganid ng matanda para sa gintong itlog?

**4C:** Pagsulat ng sariling opinyon tungkol sa binasang kuwento.





Kung ikaw ang matanda sa kuwento, ano ang nais mong gawin sa mga gintong iyong makokolekta mula sa gansa? Ano ang mga bagay na nais mong bilhin? Isulat ang iyong sagot sa pirasong papel.

_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

**4C.1 Pagbibigay ng maaaring maging "Bunga" ng mga larawang ipapakita ng guro.**

Ipakita isa-isa ang mga larawan sa harapan ng klase.

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang maaaring maging bunga ng mga sumusunod na larawan.

Maaari rin nilang isulat ang kanilang sagot sa pirasong papel

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin at ipaunawa sa mga mag-aaral: Ngayon ay alam na ninyo na bawat pangyayari sa isang kuwento ay mayroong sanhi at bunga
- Ang mga bagay sa ating paligid ay maaaring magdulot ng Maganda o masamang bunga.

| |
|---|
| ▪ Nakadepende sa ating mga kamay kung paano tayo magrereak sa mga bagay sa ating paligid at kung paano ito makakaapekto sa atin |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

Day 8, Lesson Plan 16

## Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teskto

# Key Idea

- Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang tesksto upang mas malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pagunawa ng kabuuang ideya ng teskto.

### Most Essential Learning Competencies

- Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan.
- Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon.
- Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa isang kuwento.

Bahagi 1: *Lesson Short Review*

Time: 7 mins.

Magpakita sa mga mag-aaral ng larawan

Larawan: isang ilog na marumi ang tubig at puno ng basura



- Ipakita sa mga mag-aaral ang larawan at bigyan ng isang minuto upang suriin ang larawan. Tanong:
- T1. Ano ang inyong nakikita sa larawan?
  T2. Ano marahil ang sanhi kung bakit ganito ang kinahinatnan ng ilog sa larawan?

Bahagi 2: *Lesson Purpose/Intention*

Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matututuhan mo kung paano mapag-ugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa isang teksto.

Bahagi 3: *Lesson Language Practice*

Time: 5 mins.

Ipabasa ang bawat pangungusap sa mga mag-aaral at tanungin kung ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

**Pagtukoy sa kahulugan ng salitang may Salungguhit**

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap

1. May isang batang lalaki ang nagpapastol ng mga tupa.
2. Ang bata ay nainip sapagkat wala siyang mapaglibangan.
3. Tahimik na nagpapastol ang bata ng mga kawan ng tupa.
4. Nabagot ang bata sa kanyang pagpapastol ng mga tupa.
5. Napagtanto ng mga tagabaryo na nagbibiro lamang ang bata.

Sagot.

1. nagpapastol: nag-aalaga
2. libangan: pang-aliw
3. kawan: grupo ng mga hayop/tupa
4. nabagot: walang gananapagtanto: nalaman

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa: Maikling kuwento**

Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto upang basahin ang maikling kuwento

**The Boy Who Cried Wolf (Ang batang sumigaw ng lobo)**

**Isinulat ni: Aesop**

Ang isang bata ay nagbantay sa mga tupa ng kanyang panginoon malapit sa isang madilim na kagubatan na hindi kalayuan sa nayon. Di nagtagal natagpuan niya ang buhay sa pastulan na nakakabagot. Ang nagawa lamang niyang gawin upang libangin ang kanyang sarili ay kausapin ang kanyang aso o maglaro sa tubo ng kanyang pastol. Isang araw habang nakaupo siya na pinapanood ang mga tupa at ang tahimik na kagubatan, iniisip niya kung ano ang gagawin niya kung makakakita siya ng isang Lobo, naisip niya ang isang plano na libangin ang kanyang sarili. Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon na tumawag ng tulong sakaling atakehin ng isang Lobo ang kawan ng mga tupa, at itataboy ito ng mga tagabaryo. Kaya ngayon, kahit na wala siyang nakita na kahit na anong bakas ng lobo, tumakbo siya patungo sa nayon na sumisigaw sa tuktok ng kanyang tinig, “lobo! Lobo! " Tulad ng inaasahan niya, ang mga Baryo na nakarinig ng sigaw ay dali-daling iniwan ang kanilang trabaho at tumakbo sa labis na pag-aalala sa pastulan. Ngunit nang makarating sila doon, natagpuan nila ang bata na tumatawa ng malakas at napagtanto nilang nagbibiro lamang ito. Makalipas ang ilang araw ay sumigaw ulit ang bata, “lobo! Lobo! " Muli ay tumakbo ang mga Tagabaryo upang tulungan siya, ngunit biro lamang pala ang lahat. Isang araw habang ang araw ay papalubog sa likuran ng kagubatan at ang mga anino ay gumagapang sa

pastulan, isang lobo ang biglang umatake sa mga tupa. Sa takot ay tumakbo ang bata patungo sa nayon na sumisigaw ng “Lobo! Lobo! " Ngunit kahit narinig ng mga tagabaryo ang sigaw, hindi sila tumakbo upang tulungan siya tulad ng dati. "Hindi niya tayo maloloko ulit," sabi nila. Pinatay ng Lobo ang maraming mga tupa ng bata.

**4B:** Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa kanilang binasang maikling kuwento

Mga Tanong

- Anong uri ng hayop ang pinapastol ng bata sa kuwento?
- Ano ang pinangangambahan na maaaring mangyari sa kawan ng tupa?
- Sino ang maaaring tumulong sa bata sakaling atakehin ng lobo ang mga tupa?
- Ano ang ginawa ng bata upang malibang sa kanyang pagpapastol?
- Ano ang naging bunga ng ginawang libangan ng bata sa kuwento?
  Sa tingin mo ba ay nagsisisi ang bata sa kanyang ginawa? Bakit?

**4C:** Pagsulat ng sariling opinyon tungkol sa binasang kuwento.

Magbigay ng mga maaaring maging bunga kung tayo ay magsisinungaling tulad ng bata sa kuwento. Ito ba ay makakasama o makakabuti para sa atin? Bakit?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

**4C.1. Pagbibigay ng maaaring “Sanhi” ng isang bagay**

- Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang gusting propesyon paglaki.
- Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang dapat gawin upang makamit ang kanilang mga pangarap.

Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang iyong pangarap na propesyon at ipaliwanag sa ibaba ang mga hakbang na dapat mong gawin upang makamit mo ito.

| |
|---|
| __________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________ |
| Bahagi 5: Lesson Conclusion<br>Time: 5 mins.<br>▪ Sabihin at ipaunawa sa mga mag-aaral: Ngayon ay alam na ninyo na bawat pangyayari sa isang kuwento ay mayroong sanhi at bunga<br>▪ Ang mga bagay sa ating paligid ay maaaring magdulot ng maganda o masamang bunga.<br>▪ Ang bawat aksyon na ating ginagawa ay nakakaapekto sa atin. |
| **Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin. |

**Day 9, Lesson Plan 17**

**NAIBIBIGAY ANG BUOD O LAGOM NG TEKSTONG BINASA**

**Key Idea**

- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa (F3PB-IIIj-16) (F3PB-IVi-16)
- Natutukoy ang element ng kuwento sa tekstong binasa.
- Napapahalagahan ang pagiging masipag sa lahat ng oras.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Oras: 7 minuto

Magpakita ng mga larawan sa mga mag-aaral.


Mga larawan: pagong at kuneho, chocolate factory, Maui, palasyo

Tanong:

- Sino ang mga paborito niyong karakter sa mga libro o palabas?

Nais kong tukuyin ninyo kung ang mga sumusunod na larawan ay tao, hayop o lugar,

At kung saang palabas niyo sila o ito nakita.



Mga Sagot:

- pagong at kuneho – hayop (Ang Pagong at Kuneho)
- chocolate factory – lugar
  (Charlie and the Chocolate Factory)
- Maui – tao (Moana)
- palasyo – lugar (Cinderella)

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Oras: 3 minuto

- Pagkatapos ng aralin, ang mag-aaral ay inaasahang maibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa.
- Ang buod ay pinaikling bersyon ng tekstong nabasa o napakinggan. Ito rin ay tinatawag na lagom ng teksto.
  *Mga Hakbang sa Paglalagom/Pagbubuod*
  - Basahin o pakinggang mabuti ang teksto.
  - Alamin ang mga elemento ng kuwentong nabasa o napakinggan.
  - Alamin ang pangunahing kaisipan na gagawan ng buod.
  - Isulat sa unang bahagi ang pangunahing paksa ng teksto.
  - Ilahad ang pinakamahalagang detalyeng na sumusuporta sa pangunahing paksa.
- Ang mga elemento ng kuwento ay napakahalagang malaman ninyo dahil makatutulong ito upang mas maintindihan ninyo ang inyong binabasang kuwento o teksto. Ito rin ay magagamit ninyo upang makagawa ng buod ng isang kuwento o teksto. Ang tauhan ay sumasagot sa tanong na sino, ang tagpuan naman ay sumasagot sa mga tanong na saan at kailan, at ang banghay ay sumasagot sa tanong na ano/paano/bakit nangyari.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Oras: 5 minuto

**I-ARTE MO!**

Sabihin: Kailangan ko ng 3 mag-aaral na magiging aktor at aktres natin. Mayroon akong 3 papel dito at kailangan niyong hulaan kung ano ito sa pamamagitan ng pag-arte ng inyong mapipiling mga kamag-aral. Ang bawat mag-aaral ay may isang minuto para gawin ang nabunot nilang salita.

Mga Sagot:

1. naghuhugas ng pinggan
2. bahay
3. batang babae

**Bahagi 4**: ***Lesson Activity***
Oras: 25 minuto

**4A. Pagbasa ng Teksto**

- **Tanong: Tinutulungan niyo ba ang inyong mga magulang sa mga gawaing bahay?**
  **Anong gawaing bahay ang madalas niyong gawin sa inyong bahay?**
  **Ano ang nararamdaman mo kung ikaw ay nakatutulong sa iyong kapwa?**
- **Sabihin: Makinig nang mabuti sa kuwentong ating babasahin.**

**Si Karina, ang Batang Masipag**
**Isinulat ni Marriane Ysabel C. Lobrin**


Sa isang maliit na nayon, may isang batang nagngangalang Karina. Siya ay isang batang masipag at mapagkumbaba. Kahit na bata pa lamang, si Karina ay laging handang tumulong sa kanyang mga magulang sa mga gawain sa bahay. Isa sa kanyang mga paboritong gawain ay ang paglilinis ng kanilang tahanan. Tuwing umaga pagkatapos magdasal at kumain ng agahan, agad siyang maghuhugas ng pinggan, magwawalis at maglalampaso ng sahig.

Ang kanyang pagiging masipag sa paglilinis ay hindi lamang limitado sa loob ng kanilang tahanan. Kapag natapos na niya ang mga gawain sa loob ng bahay, handa siyang tumulong sa mga karatig na bahay sa kanilang nayon. Marahil sa simpleng gawaing ito, patuloy na lumalawak ang pag-unawa ni Karina sa kahalagahan ng pagtulong at pagiging responsable sa kanyang komunidad. Bilang isang batang masipag at mapagkumbaba, hindi lamang siya nagiging inspirasyon sa kanyang mga magulang kungdi pati na rin sa mga kabataan sa kanilang nayon.

**Sabihin: Bago tayo magsagot sa mga katanungan, ako ay magsasabi ng numero at bibilang tayo mula sa unang mag-aaral sa aking kana, kung ikaw ang masasaktuhan ng bilang na aking sinabi, ikaw ang sasagot sa aking tanong.**

1. Sino ang batang masipag at mapagkumbaba?
2. Saan siya nakatira?
3. Ano ang kanyang paboritong gawin?
4. Pagkatapos niyang maglinis sa kanilang bahay ano ang kanyang ginagawa?
5. Bakit siya naging inspirasyon sa kanyang mga magulang at mga kabataan sa kanilang nayon?

**4B. Ayusin natin sa graphic organizer sa ibaba ang mga element ng kuwentong nabasa.**




**4C. Mula sa graphic organizer na ating nabuo, gumawa ng buod o lagom tungko sa kuwentong nabasa natin kanina gamit ang iyong sariling salita.**

**Pamagat:** ____________________________________________________________

**Buod o Lagom:**

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Oras: 5 minuto

- Bumuo ng buod o lagom batay sa larawan na nasa ibaba:



**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 9, Lesson Plan 18**

**NAIBIBIGAY ANG BUOD O LAGOM NG TEKSTONG BINASA**

**Key Idea**

- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa

**Most Essential Learning Competencies**

- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa (F3PB-IIIj-16) (F3PB-IVi-16)
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa.
- Napapahalagahan ang kultura at kasaysayan sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbabasa ng mga alamat.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Oras: 7 minuto

Sabihin: Mayroon akong tatlong pinto rito, at kada tatlong katok na inyong gagawin, may lalabas na salita sa pagbukas ng pinto, ibibigay niyo ang kahulugan ng salitang lalabas sa pinto at magbigay ng halimbawa nito.




**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Oras: 3 minuto


- Natutuhan na ninyo ang mga elemento ng kuwento: tauhan, tagpuan, at pangyayari. Sa aralin natin sa araw na ito, matututuhan niyo kung paano magbigay ng buod o lagom sa tekstong inyong binasa.
- Ang buod ay pinaikling bersyon ng tekstong nabasa o napakinggan. Ito rin ay tinatawag na lagom ng teksto.
  Mga Hakbang sa Paglalagom/Pagbubuod
- Basahin o pakinggan mabuti ang teksto.
- Alamin ang mga elemento ng kuwentong nabasa o napakinggan.
- Alamin ang pangunahing kaisipan na gagawan ng buod.
- Isulat sa unang bahagi ang pangunahing paksa ng teksto.
- Ilahad ang pinakamahalagang detalyeng sumusuporta sa pangunahing paksa.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Oras: 5 minuto.

**DUGTUNGAN MO ANG KUWENTO KO GAME!**

Sabihin: Maglalaro tayo ng dugtungan para sa aralin natin ngayon. Hahatiin ko sa tatlong grupo ang klase at magtutulungan kayo para madugtungan ang ating kuwento. Makikita ninyo sa pisara na may mga gabay na larawan na ating gagamitin sa ating laro. Sisimulan ko ang kuwento at inyo namang dudugtungan ito hanggang sa matapos natin ito. Alam kong handang-handa na kayo sa ating laro! Simulan na natin!




**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Oras: 25 minuto

**4A. Pagbasa ng Maikling Teksto**

- **Tanong: Sa tuwing may sakit ang inyong mga magulang o tagapag-alaga, sino ang kumikilos sa gawaing bahay?**
  **Kapag may agmit kang hindi nakikita ano ang iyong ginagawa?**
- **Sabihin: Makinig nang mabuti sa kuwentong ating babasahin.**

**Alamat ng Pinya**

Noong unang panahon may nakatirang mag-ina sa isang malayong pook. Ang ina ay si Aling Rosa at ang anak ay si Pinang. Lumaki si Pinang sa layaw. Gusto ng ina na matuto si Pinang ng mga gawaing bahay, ngunit laging ikinakatwiran ni Pinang na alam na niyang gawin ang mga itinuturo ng ina.

Isang araw nagkasakit si Aling Rosa. Hindi siya makabangon at makagawa ng gawaing bahay. Nagtagal ang sakit ni Aling Rosa kaya't napilitang si Pinang ang gumagawa sa bahay. Isang araw, sa kanyang pagluluto hindi niya makita ang posporo. Tinanong ang kanyang ina kung nasaan ito. Isang beses naman ay ang sandok ang hinahanap. Walang bagay na hindi makita at agad tinatanong ang kanyang ina. Nainis si Aling Rosa sa katatanong ng anak kaya´t nawika nito: " Naku! Pinang, sana'y magkaroon ka ng maraming mata upang makita mo ang lahat ng bagay at hindi ka na tanong nang tanong sa akin. Dahil alam niyang galit na ang kanyang ina ay di na umimik si Pinang. Umalis siya upang hanapin ang sandok na hinahanap. Kinagabihan, wala si Pinang sa bahay. Nabahala si Aling Rosa. Pagkaraan ng ilang araw ay magaling-galing na si Aling Rosa. Hinanap niya si Pinang, ngunit naglahong parang bula si Pinang. Hindi na nakita ni Aling Rosa si Pinang.


Isang araw, may nakitang halaman si Aling Rosa sa kanyang bakuran. Hindi niya alam kung anong uri ang halamang iyon. Inalagaan niyang mabuti hanggang sa ito'y magbunga. Laking pagkamangha ni Aling Rosa ng makita ang anyo ng bunga nito. Ito'y hugis-ulo ng tao at napapalibutan ng mata. Biglang naalaala ni Aling Rosa ang huli niyang sinabi kay Pina, na sana'y

magkaroon ito ng maraming mata para makita ang kanyang hinahanap. Tahimik na umiyak si Aling Rosa at laking pagsisisi dahil tumalab ang kanyang sinabi sa anak. Inalagaan niyang mabuti ang halaman at tinawag itong Pinang, sa palipat-lipat sa bibig ng mga tao ang pinang ay 6agging pinya.

**Sabihin: Bago tayo magsagot sa mga katanungan, ako ay magsasabi ng numero at bibilang tayo mula sa unang mag-aaral sa aking kana, kung ikaw ang masasaktuhan ng bilang na aking sinabi, ikaw ang sasagot sa aking tanong.**

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Saan at kailan naganap ang kuwento?
3. Ano ang nangyari kay Aling Rosa na nagtulak kay Pinang na kumilos sa gawaing bahay?
4. Ano ang nawika ni Aling Rosa kay Pinang noong hindi niya mahanap ang mga bagay sa loob ng kanilang bahay?
5. Kapag ikaw ay may bagay na hinahanap, anong ginagawa mo para ito ay makita agad?

**4B. Gamit ang comic strip sa ibaba, gumawa ng story map tungkol sa Ang Alamat ng Pinya.**



**4C. Mula sa story map na ating nabuo, gumawa ng buod o lagom tungko sa kuwentong nabasa natin kanina gamit ang iyong sariling salita.**

Pamagat: ____________________________________________________________

Tauhan: _____________________________________________________________

Tagpuan: ____________________________________________________________

Buod o Lagom:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Oras: 5 minuto
Panuorin sa Youtube ang kuwento: Ang Batang Sinungaling
Link: https://www.youtube.com/watch?v=spB4L1UoFUg
Mula sa napanuod na kuwentong Ang Batang Sinungaling, ang bawat grupo ay bibigyan ng bahagi (simula, gitna, wakas) upang gawan ng skit at makabuo ng lagom ang buong klase.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG

Bansang Makabata Batang Makabansa